ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

DANAS NG MGA MAG-AARAL NA MUSLIM SA LOKAL NA KOLEHIYO: ISANG PENOMENOLOHIKAL NA PAG-AARAL

Rashmia F. Minalang[1]

[1]*ORCID No. 0009-0006-7832-4170*

Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines

ABSTRAK

Layunin ng pananaliksik na ito na matuklasan ang mga naging karanasan ng mga mag-aaral na Muslim sa kanilang pag-aaral sa loob ng isang lokal na Kolehiyo. Gumamit ito ng kwalitatibong disenyo na may penomenolohikal na pagdulog, at isinagawa sa pamamagitan ng panayam gamit ang talatanungan sa labing-apat na kalahok. Batay sa resulta, naranasan ng mga mag-aaral na Muslim ang ilang hamon tulad ng bahagyang diskriminasyon sa kanilang pananamit, negatibong pananaw ng iba tungkol sa kanilang relihiyon, at ang pagsasayaw bilang bahagi ng aktibidad sa paaralan na hindi tugma sa kanilang paniniwala. Gayunpaman, may mga pagkakataon ding nakatagpo sila ng mga tunay na kaibigan na may paggalang sa kanilang paniniwala, bagamat nakararamdam pa rin sila ng kahinaan ng loob sa pakikisalamuha. Sa kabila ng mga hamon, gumamit sila ng iba't ibang paraan upang makabangon tulad ng pagwawalang-bahala sa masasamang komento, pagdarasal at paghingi ng gabay sa magulang, pagtitiwala sa sariling kakayahan, at paggawang motibasyon ang hangaring makatapos ng pag-aaral. Sa huli, naipakita ng mga kalahok ang positibong pananaw sa buhay, pagbubukas ng isipan ng iba sa relihiyong Islam, at paniniwalang ang pagkakaiba sa pananampalataya ay hindi hadlang sa pagkamit ng edukasyon at sa pakikibahagi sa mga grupo sa loob ng kolehiyo.

MGA SUSING SALITA*: Lokal na Kolehiyo, Mag-aaral na Muslim, Penomenolohikal na Pag-aaral, Pilipinas*

INTRODUKSYON

Sa paglipas ng mga taon, patuloy na lumalawak ang diskurso hinggil sa karanasan ng mga mag-aaral mula sa iba't ibang relihiyon at kultura sa loob ng mga institusyong pang-edukasyon. Sa mga bansang multikultural at multirelihiyoso, itinuturing na mahalaga ang pag-unawa sa mga salik na nakaaapekto sa kanilang akademikong pagganap, pakikisalamuha, at personal na kalagayan sa loob ng paaralan. Ayon sa isang pag-aaral sa *United Kingdom*, maraming Muslim na estudyante ang nakararanas ng Islamophobia sa paaralan, na nagdudulot ng stress at pagbabago sa kanilang ugnayan sa kapwa mag-aaral at guro. Ipinakita rin ng naturang pananaliksik na ang kawalan ng sapat na suporta mula sa institusyon ay nagpapalalim sa damdamin ng pagiging "ibang tao" ng mga Muslim sa akademikong espasyo. Isang mahalagang bahagi ng ganitong diskurso ang pagbibigay ng boses sa mga grupong minoridad, gaya ng mga Muslim, na maaaring makaranas ng diskriminasyon, di-pagkakaunawaan sa relihiyosong paniniwala, o limitadong espasyo para sa kanilang panlipunang pagpapahayag. Sa ganitong konteksto, ang kasalukuyang pananaliksik ay nakatuon sa pag-unawa sa aktuwal na danas ng mga mag-aaral na Muslim sa lokal na kolehiyo upang maipakita ang kanilang mga karanasan, hamon, at mga paraan ng pag-angkop sa umiiral na sistemang pang-edukasyon (Zempi, 2019). Sa pandaigdigang antas, maraming pag-aaral ang tumalakay sa karanasan ng mga Muslim na mag-aaral sa mga kanluraning unibersidad. Halimbawa, sa pananaliksik nina Chen et al., (2019), tinalakay ang mga hamon na kinakaharap ng mga internasyonal na Muslim na mag-aaral sa mga kampus, kabilang ang kakulangan sa mga pasilidad para sa panalangin at pagkaing halal, pati na rin ang diskriminasyon at stereotyping. Sa isang sistematikong pagsusuri, lumitaw na ang mga kabataang Muslim sa Espanya ay nakararanas ng mga hadlang sa inklusibong edukasyon, diskriminasyon, at mga isyung may kaugnayan sa kanilang relihiyosidad. Ipinapakita ng mga internasyonal na pag-aaral na bagamat isinulong ang *diversity* sa maraming unibersidad, hindi pa rin ganap na nararamdaman ang pagkakapantay-pantay ng mga mag-aaral na Muslim, lalo na kung may mga *stereotype* at kakulangan sa sensitibong pamamahala ng pagkakaiba-iba sa kultura at pananampalataya nina (Navarro-Granados & Cobano-Delgado Palma, 2024),.

Samantala, sa konteksto ng Pilipinas, may mga panimulang pag-aaral na rin na naglalayong suriin ang karanasan ng mga Muslim sa mga institusyong dominado ng Kristiyanismo. Ayon sa pananaliksik, maraming Muslim na mag-aaral sa mga Katolikong institusyon ang nakararanas ng mga hamon sa pagdalo sa mga klase ng relihiyong Katoliko, kabilang ang kakulangan sa akomodasyon sa kanilang relihiyosong praktis at limitadong partisipasyon sa klase. Lumitaw sa pag-aaral na ito na may kakulangan sa kaalaman ng mga guro at administrador tungkol sa kulturang Islam, kaya nagkakaroon ng hindi sinasadyang marginalisasyon. Gayunpaman, sa kabila ng ganitong mga hamon, pinipili pa rin ng maraming Muslim na mag-aaral na mag-aral sa mga lokal na kolehiyo bilang bahagi ng kanilang pangarap sa mas magandang kinabukasan. Kaya naman, ang pananaliksik na ito ay magsisilbing mahalagang ambag sa literaturang Pilipino hinggil sa tunay na danas ng mga mag-aaral na Muslim at magbibigay daan sa mas inklusibo at makataong pagtingin sa edukasyon (Barihasion et al., 2023).

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Ang pag-aaral na ito ay mahalagang bigyan ng pansin sapagkat inilalantad nito ang agarang pangangailangan na kilalanin at tugunan ang mga hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral na Muslim sa lokal na kolehiyo. Sa kabila ng layunin ng mga institusyong pang-edukasyon na maging inklusibo, patuloy pa ring nararanasan ng ilang mag-aaral ang diskriminasyon, hindi pagkakaunawaan, at kakulangan ng suporta dahil sa kanilang relihiyosong pagkakakilanlan. Ang mga isyung ito ay hindi lamang nakaaapekto sa kanilang emosyonal at sosyal na kalagayan, kundi pati na rin sa kanilang akademikong tagumpay. Sa pamamagitan ng paglalantad sa kanilang aktuwal na karanasan, layunin ng pananaliksik na ito na himukin ang mga institusyon na agad magpatupad ng mga konkretong hakbang—gaya ng mga seminar, dayalogo, at ligtas na espasyo para sa pagpapahayag—upang mapatibay ang paggalang, pagkakaunawaan, at pagkakaisa sa kabila ng pagkakaiba-iba. Ang resulta ng pananaliksik na ito ay maaaring magsilbing batayan sa paggawa ng mga polisiyang tunay na kumakatawan at nagtatanggol sa karapatan ng bawat mag-aaral, anuman ang kanilang paniniwala.

Sa paglipas ng panahon, lumitaw na rin ang ilang pag-aaral na tumatalakay sa mga karanasan ng mga mag-aaral na Muslim sa loob ng mga pampublikong paaralan at lokal na kolehiyo. Karamihan sa mga ito ay nakatuon sa kung paano naaapektuhan ang pananampalataya at pagkatao ng isang mag-aaral na Muslim kapag siya ay nag-aaral sa isang institusyong pinaghaharian ng relihiyong hindi niya kinabibilangan. Halimbawa, sa pag-aaral na pinamagatang "*Ang Karanasan ng mga Mag-aaral na Muslim sa Kabila ng Islamophobia: Isang Phenomenolohikal na Pag-aaral*" ni Hart (2016), lumabas na ang pagkakaiba sa pananampalataya ay may malaking epekto sa emosyonal at panlipunang kalagayan ng mga mag-aaral na Muslim, lalo na kung sila ay nasa isang kapaligirang salungat sa kanilang paniniwala. Samantala, sa internasyonal na konteksto, isinagawa nina Guest et al. (2022) ang pananaliksik na "*Islam at mga Muslim sa mga Kampus ng Unibersidad sa UK: Mga Persepsyon at Hamon*," kung saan natuklasan na nakararanas din ng diskriminasyon at kakulangan ng pag-unawa ang mga Muslim sa kanilang kapwa mag-aaral at sa mismong institusyon.

Bagama't nagbibigay ang mga nasabing pag-aaral ng mahalagang pananaw ukol sa karanasan ng mga Muslim sa edukasyonal na konteksto, hindi pa rin nito lubos na nasasaklaw ang partikular na karanasan ng mga mag-aaral na Muslim sa lokal na kolehiyo tulad ng KCAST. Sa puntong ito, nagkakaroon ng puwang ang kasalukuyang pananaliksik upang masusing siyasatin ang kanilang aktuwal na danas sa institusyong ito. Sa pamamagitan ng phenomenolohikal na pamamaraan at direktang pakikipanayam, layunin ng pag-aaral na ito na mailahad ang mga natatanging karanasan, hamon, at mekanismo ng pag-angkop ng mga mag-aaral na Muslim sa kontekstong lokal—isang aspetong hindi pa gaanong napagtutuunan sa kasalukuyang literatura.

Layunin ng Pag-aaral

Ang layunin ng penomenolohikal na pag-aaral na ito ay upang malaman at maunawaan o masuri ang mga karanasan ng mga kolehiyong mag-aaral na Muslim sa loob ng Institusyon ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology (KCAST) partikular na sa pag-unlad ng kanilang kaalaman at kamalayan bilang isang mag-aaral. Layunin din nito na masuri ang mga hamon at suliranin na kanilang nararanasan bilang isang mag-aaral na Muslim sa konteksto ng kanilang edukasyon, at magbigay ng mga rekomendasyon upang mapabuti ang kanilang karanasan at makamit ang mas mataas na antas at kalidad ng edukasyon sa loob ng institusyong kanilang kinabibilangan.

Samakatuwid, ninanais ng mananaliksik na malaman ang karanasan o hamon ng mga Muslim na mag-aaral sa loob ng institusyon sa pakikipagsabayan, pakikipagkapwa at pakikipagtalastasan o pakikipagkomunikasyon nila sa kapwa mag-aaral, mga guro at iba pang kawani ng institusyon. Nilalayon din ng pag-aaral na ito na siyasatin ang mga hamon at karansan ng mga mag-aaral na Muslim na kabilang sa pag-aaral na ito sa loob ng institusyon ng KCAST sa pamamagitan ng pakikipanayam, pagmamasid sa talakayan upang makabuo ng matagumpay, mabisa
at makabuluhang pananaliksik.

Mga Katanungan sa Pananaliksik

Upang higit na maunawaan ang danas ng mga mag-aaral na Muslim sa loob ng isang lokal na kolehiyo, binuo ang mga sumusunod na katanungan. Layunin ng mga ito na gabayan ang mananaliksik sa pagtuklas ng mga karanasan, hamon, at pananaw ng mga kalahok na mag-aaral upang makabuo ng mas malalim na pag-unawa sa kanilang kalagayan sa institusyong kanilang ginagalawan.

1. Ano-ano ang karanasan ng mga mag-aaral na Muslim sa loob ng isang lokal na Kolehiyo?
2. Paano nalampasan ng mga mag-aaral na Muslim ang mga hamon at suliraning kanilang kinakaharap sa loob ng isang lokal na kolehiyo?
3. Ano-ano ang mga mithiin at pananaw ng mga mag-aaral na Muslim sa loob ng isang lokal na kolehiyo?

METODO

Disenyo

Ang pag-aaral na ito ay isang kwalitatibong pananaliksik na gumamit ng penomenolohikal na dulog upang masusing mailahad ang mga karanasan, opinyon, at pananaw ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito, mas malalim na naunawaan ang mga hamon na kanilang kinakaharap at ang mga salik na nagdudulot ng mga karanasang iyon. Ayon kay Creswell (2014), ang kwalitatibong pananaliksik ay isang paraan sa paglalarawan ng mga obserbasyon. Ito ay kinapapalooban ng pag-unawa sa katangian ng isang indibidwal o pangkat sa isang panlipunang suliranin. Ito rin ay kinabibilangan ng proseso ng

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

pagtatanong at proseso sa paglilikom ng mga datos sa konteksto ng mga partisipante.

Ang kwalitatibong pag-aaral ay nakatuon sa pag-unawa sa danas o karanasan ng mga mag-aaral na maaaring gamitin para sa konsepto ng pananaliksik na ito kung saan nakatuon sa danas ng mga mag-aaral na Muslim sa loob ng isang lokal na kolehiyo. Dagdag pa, ang layunin ng pananaliksik na ito ay upang tuklasin at ilarawan ang mga saloobin, damdamin, at pananaw ng mga kalahok bilang bahagi ng isang relihiyosong minorya sa institusyong may dominanteng paniniwala. Ang dulog na ito ay angkop sa layunin ng pag-aaral sapagkat nagbibigay ito ng personal o mas masinsinang paggalugad sa mga karanasang may kaugnayan sa kanilang pananampalataya, ugnayan sa kapwa, pag-aaral, at mga hamong panlipunan. Sa ganitong paraan, mas naunawaan ang mga uri ng pakikibagay at ang mga paraang ginagamit ng mga mag-aaral na Muslim upang mapanatili ang kanilang pagkakakilanlan at mapagtagumpayan ang mga hamong kanilang kinakaharap bilang isang mag-aaral o indibidwal sa loob ng isang institusyon.

Ang penomenolohikal na dulog ay isang metodolohiyang ginagamit upang mailarawan at maunawaan kung paano personal na hinaharap ng isang indibidwal ang iba't ibang karanasan sa kanyang buhay, kabilang na ang mga emosyonal, sosyal, at kognitibong aspeto nito. Layunin nitong ilahad ang mga kahulugan na iniuugnay ng tao sa mga karanasang iyon batay sa kanyang pananaw at damdamin. Hindi lamang basta pagsasalaysay ng karanasan ang saklaw nito, kundi pati na rin ang masusing pag-unawa sa kung paano tumutugon ang indibidwal sa mga sitwasyong kinahaharap niya. Kasama rin sa pagsusuring ito ang paraan ng pamamahala niya sa sarili, tulad ng kung paano siya nag-aangkop, nag-iisip, at nagpapasya sa gitna ng mga pagsubok o hamon sa buhay (Groenewald, 2004). Sa pag-aaral na ito, ginamit ang penomenolohikal na dulog upang matuklasan at maunawaan ang tunay na esensya ng mga karanasan ng mga partsipante sa pag-aaral na ito. Ang dulog na ito ay angkop sapagkat layunin nitong saliksikin hindi lamang ang mga panlabas na sitwasyon, kundi pati na rin ang mga personal na saloobin, pakiramdam, at pananaw ng mga kalahok ukol sa kanilang paglalakbay o karanasan bilang mga mag-aaral na may na may natatanging paniniwala sa isang institusyong may magkakaibang pananampalataya. Sa pamamagitan ng bukas at taos-pusong pakikipag-usap sa kanila, naipahayag ng mga kalahok ang kanilang mga hinaing, pag-asa, at karanasan sa paraang hindi lamang bilang datos, kundi bilang bahagi ng kanilang pagkatao. Dahil dito, naging posible ang mas malalim na koneksyon at pag-unawa sa pagitan ng mananaliksik at ng mga kalahok, at nagkaroon ng mas makatao at makabuluhang pagtingin sa mga isyung kanilang kinakaharap sa pang-araw-araw nilang pakikipag-ugnayan sa loob ng institusyon bilang isang mag-aaral at indibidwal.

Tungkulin ng Mananaliksik

Ang tungkulin ng mananaliksik ay maging instrumento sa pangangalap, pagtatanong, at pagkuha ng mga datos sa isang kritikal na bahagi ng proseso ng pananaliksik. Ito ang yugto kung saan ang mananaliksik ay kinakailangang maging handa at maingat na pagbagayin ang mga metodolohiya at pamamaraan para sa pagkolekta ng impormasyon na siyang magiging pundasyon ng kanyang pag-aaral. Ang mahigpit na pagsunod sa mga prinsipyong etikal at metodikal ay nagbibigay kapani-paniwala sa papel ng mananaliksik, at nagtuturo ng integridad at reliyabilidad o katapatan sa buong proseso ng pananaliksik.

Mahalaga sa pag-aaral ng pananaliksik ang malinaw na paglilinaw ng mga tungkulin at responsibilidad ng mananaliksik. Sa kabanatang ito, ipinaliwanag ang mga tungkulin at gawain ng mananaliksik sa proseso ng pagsasagawa ng pananaliksik. Unang-una, ang mananaliksik ay dapat maging instrumento sa pangangalap at pagkuha ng mga datos na magiging pundasyon ng pagsusuri. Mahalaga na maging maayos at maingat sa pagkuha ng mga impormasyon upang ang papel ay maging kapani-paniwala (Creswell, 2013).

Kaugnay pa rito, ang mananaliksik ay itinuturing na isang mahalagang instrumento sa pagsasagawa at pagsakatuparan ng isang pag-aaral, lalo na sa mga pananaliksik na kwalitatibo ang lapit. Hindi lamang siya basta tagapagtipon ng datos, kundi aktibong kalahok sa buong proseso ng pananaliksik. Tungkulin ng mananaliksik ang makipag-ugnayan at makipagtulungan sa mga partisipante upang makuha ang makabuluhang impormasyon na kinakailangan sa pag-aaral. Bahagi ng kanyang responsibilidad ang pagbuo ng bukas at maayos na komunikasyon, paggalang sa damdamin at pananaw ng mga kalahok, at pagsisiguro na ang datos ay makakalap nang may katapatan at sensibilidad. Sa ganitong paraan, naisasakatuparan ang mas malalim na pag-unawa sa konteksto ng mga karanasan ng mga kalahok na siyang sentro ng pananaliksik (Pezalla et al., 2012).

Bilang mananaliksik, ang pagiging obhetibo at hindi bahagi ng sariling opinyon o bias ay isang mahalagang bahagi ng tungkulin. Kinakailangan na igalang ang mga prinsipyong nagbibigay-diin sa kahalagahan ng obhetibidad at integridad sa pananaliksik. Dapat ay maayos na sinusunod ang proseso ng pananaliksik, mula sa pangangalap ng datos hanggang sa pagsusuri at pag-analisa ng mga resulta.

Sa aspeto ng tagapanayam, kinakailangan na magkaroon ng magandang ugnayan at relasyon sa mga partisipante. Ang mananaliksik ay may responsibilidad na maging maayos na tagapanayam, tagasalin, tagapagdaloy, at tagapagsalaysay. Kinakailangan na tandaan ang karapatan ng mga partisipante na tumanggi at hindi magdulot ng anumang uri ng pamumuwersa. Sa huli, ang mananaliksik ay may mahalagang papel bilang tagasuri at pangunahing analista. Siya ang nag-aanalisa ng mga

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

datos at pahayag ng mga partisipante upang maunawaan ang kalalabasan ng pananaliksik. Ang pagiging may kasamang tagapayo o eksperto ay nagbibigay-buhay sa pagsusuri, tiyak na pagsunod sa mga pamantayan ng pananaliksik, at masusing pagsusuri ng mga natuklasan. Sa pangkalahatan, ang malinaw na pag-unawa at pagsunod sa mga tungkulin at responsibilidad ng mananaliksik ay mahalaga upang masiguro ang kalidad at integridad ng isang pananaliksik.

Mga Partisipante sa Pananaliksik

Sa pag-aaral na ito, ang mga pangunahing kalahok ay mga mag-aaral na Muslim na nagmula sa Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology (KCAST) sa Maniki sa munisipalidad ng Kapalong at sa probinsya ng Davao Del Norte. Binilang ang mga ito nang may sapat na representasyon mula sa mga mag-aaral ng KCAST. Ang pagpili sa pito sa kanila bilang mga impormante para sa In-depth Interview (IDI), at ang pitong kalahok naman na para sa Focus Group Discussion (FGD) ay isinagawa nang may balanseng paghahati.

Ang purposeful sampling, na ginamit sa pagpili ng mga kalahok, ay nagbigay ng tiyak na pamantayan para sa pagpili. Pinapanatili nito ang kalidad ng datos at pagiging epektibo sa pagtukoy ng mga indibidwal na may kaugnayan sa pangyayari na isinasalaysay ng pananaliksik. Ito ay maaaring magresulta sa mas tiyak at mas makabuluhang pag-aaral na may layuning magdulot ng kaalaman at pang-unawa sa mga karanasan ng mga kalahok (Creswell et al., 2016)

Mula rito, napili ang mga mag-aaral na Muslim sa lahat ng antas o lebel ng taon at sa kung saan mang napapabilang na programa sa Institusyon ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology upang kumatawan sa pag-aaral bilang isang partisipante at makapagbigay ng mga totoong kasagutan sa panayam na magmumula sa mananaliksik at makuha ang makatotohanang mga resulta ng pag-aaral. Ang lahat ng ito ay ginawa upang matiyak na ang pagsasagawa at pagtuklas ng pag-aaral ay may mataas na kalidad.

Pagkolekta ng Datos

Sa proseso ng pananaliksik, mahalagang bahagi ang papel ng mananaliksik sa pagkolekta at pagsusuri ng mga impormasyon. Ang mananaliksik ang naging instrumento sa pagkuha ng mga datos, na nagbigay-daan sa kanya na mas maunawaan ang saklaw at posibilidad ng kanyang pag-aaral. Ang mga impormasyong kanyang nakuha ay susuporta sa kanyang layunin na magkaroon ng kalidad na datos na maiharap sa kanyang pag-aaral (Creswell, 2014).

Sa pagkolekta ng datos, ginamit niya ang iba't ibang paraan tulad ng pakikipanayam, pagmamasid, at pagdodokumento. Ito ay nagpapakita ng kanyang kakayahan na magsagawa ng komprehensibong pag-aaral na nagpapakita ng mayamang perspektiba. Ang pagpili ng mga partisipante o sample ng populasyon ay isang kritikal na hakbang sa proseso ng pananaliksik. Ipinatupad niya ito batay sa mga kriterya o pamantayan na may kaugnayan sa kanyang tanong o isyu sa pananaliksik (Creswell, 2013).

Bukod dito, naging mahinahon at sistematiko ang mananaliksik sa pagpapatunay (*validation*) ng mga talatanungan na ginamit sa pag-aaral. Ang pag-sumite o pagpasa nito sa eksperto (*panel*) ay isang hakbang na nagpapakita ng kanyang pagkilala sa pangangailangan na tiyakin ang katiyakan at kalidad ng kanyang pananaliksik. Sa pamamagitan ng ganitong proseso, naging handa siyang mapanatili ang integridad at pagpapatunay ng kanyang mga datos.

Pagkatapos ng pagpapatunay (*validation*) ng mga talatanungan na ginamit sa pag-aaral ay nagpadala ng liham-pahintulot sa College President, upang ipagbigay-alam na sinimulan na ang pananaliksik na ito. Ang mananaliksik ay naghintay ng pag-apruba ng *authorization letter* na kaniyang ipinadala at sertipikasyon mula sa KCAST, nakompleto na ang pagbabalangkas pahintulot kaya ipinadala ito ng mananaliksik sa mga piling partisipante. Ang positibong tugon ng mga partisipante sa inform consent o pagbigay pahintulot ay nagpapahiwatig ng kanilang pagpayag bilang kalahok sa pananaliksik na ito.

Ang sumusunod na hakbang sa pangangalap ng datos ng pananaliksik ay nakolekta gamit ang isang orihinal na palatanungan na nilikha para sa layunin ng pananaliksik na ito. Ang mga anyong ito ay naglalaman ng kondisyon na tumutukoy sa kusang paglahok ng mga partisipante at handa nilang ibigay ang kanilang iba't ibang pananaw at karanasan bilang mag-aaral na Muslim sa Lokal na Kolehiyo. Ito ay kinakailangan sa tagumpay ng pag-aaral na ito kung saan ang mga partisipante ay binigyan ng oryentasyon tungkol sa pag-aaral. Ang oryentasyon ay nagsimula sa isang pambungad na yugto, kung saan inilahad ang layunin ng pakikipanayam. Nakuha ang datos mula sa 14 na mga Muslim na mag-aaral na nagmula sa Institusyon ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology.

Sa proseso ng pagkolekta ng datos, ang mananaliksik ay nagtakda ng mga gabay na katanungan sa pakikipanayam. Ang mga ito ay naging mahalagang kasangkapan sa pagkuha ng impormasyon mula sa mga partisipante ng pag-aaral. Bago isagawa ang mga pakikipanayam, isinagawa ng mananaliksik ang internal at eksternal na balidasyon ng mga dalubhasa sa kwalitatibong pag-aaral upang tiyakin na ang mga katanungan ay makakatulong sa pagtuklas ng mga datos na makapagbibigay-liwanag sa kanyang pag-aaral. Mahalaga ring bahagi ng proseso ang maikling oryentasyon na ibinigay ng mananaliksik sa mga partisipante bago ang mga pakikipanayam. Sa pamamagitan nito, tiniyak niyang nauunawaan ng mga partisipante ang layunin ng pag-aaral at ang pagiging kompidensiyal ng kanilang mga sagot. Ang mga katanungan sa panayam ay naglalayon na kunin ang mga kaalaman at karanasan ng mga partisipante na may kaugnayan

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

sa mga tinatanong. Sa huli, ang mga kasagutan ay naging basehan para sa masusing pagsusuri at interpretasyon ng mananaliksik, na sumasalamin sa mga karanasan na ibinahagi ng mga partisipante.

Ang mga konsepto, paraan at kagamitan sa pangangalap ng mga datos at metodo ay maaaring naisaayos habang ang pananaliksik ay umuunlad (Morgan at Harmon, 2001) Ang kwalitatibong pamamaraan sa pag-aaral ay isang hanay ng mga pamamaraan na nagbibigay ng interpretasyon sa pamamagitan ng pagbabasa, paglalarawan, pagsasalin at pagbibigay ng natural na pagpapakahulugan (Willson at Miller, 2014). Ang pangangalap ng datos ay isang bahagi o sangkap na pananaliksik na karaniwan ay nakikita sa lahat ng bahagi ng pag-aaral. Ang proseso sa pagtitipon at pagtatasa ng mga impormasyon ay nagbigay-daan sa mga mananaliksik na nasagutan ang mga nakasaad na katanungan sa pag-aaral na nakapaloob sa gabay ng pakikipanayam ay nasuri nang husto para sa magiging resulta ng pananaliksik (Auriacombe at Mouton, 2007).

Ang ginawang hakbang sa pagkalap at paglikom ng mga kasagutan sa mga inilaang katanungan ay sinisiguro muna ng mananaliksik, ang oryentasyon patungkol sa proseso ng pag-aaral at ibinigay ang informed consent pagbigay pahintulot sa mga partisipante ng pananaliksik. Sila ay may karapatang umayaw at hindi magpatuloy na makibahagi sa pag-aaral at sila ay hindi pipilitin. Sa pagkalap at paglikom ng mga kasagutan, ginamit ang pinalalim na panayam at pangkatang talakayan.

Sa paglalagom, bilang isang proseso ng masusing panayam at pangkatang talakayan, mahalaga ang paggamit ng mga gabay sa pakikipanayam na naaayon sa mga layunin ng pag-aaral. Ang mga ito ay dumaan sa tamang balidasyon o pagpapatunay mula sa mga dalubhasa upang matiyak ang kalidad ng datos na makukuha mula sa mga kalahok. Para sa mas mabuting dokumentasyon ng mga datos, naging mahalaga ang paggamit ng audio at video recording. Ang mga ito ay nagbibigay ng pagkakataon para muling pakinggan at mapanood ang mga pag-uusap, na nagbibigay-daan sa masusing pagsusuri at interpretasyon ng mga impormasyon na nakalap. Sa mga paraang ito, naging masistemang nakuha ang mga datos mula sa mga kalahok, na nagresulta sa masusing pag-aanalisa at mas makabuluhan na pagsusuri ng mananaliksik. Ang audio at video recording ay naging mahalagang kasangkapan sa pagsusuri ng mga pangunahing punto ng mga kalahok at sa pag-unawa sa mga kontekstong nagbigay buhay sa kanilang mga pahayag (Coheen at Crabtree, 2006).

Pagkatapos isinagawa ang pinatalas na panayam at pangkatang talakayan, at pagkatapos makuha ang datos mula sa kasagutan ng mga partisipante ay isinalin na kaagad ang kanilang mga kasagutan sa verbatim. Humingi ng tulong ang mananaliksik mula sa tagapayo at mga eksperto upang maiwasto ang mga tema sa kinalalabasan ng pananaliksik.

Pag-aanalisa ng mga Datos

Ang mga datos na nakalap sa pananaliksik na ito ay inilahad at sinuri upang matugunan ang mga pangangailangan gayundin ang layunin ng pag-aaral ng pananaliksik na ito. Nangangahulugan ito na ang mga datos mula sa mga tugon ng mga kalahok ay inuring mabuti upang makabuo ng mga kasagutan sa pag-aaral. Samakatuwid, ang layunin ng pagsusuri ng datos ay maghanap ng mga karaniwang pattern na magsasaad ng mga konsepto na tutugon sa mga katanungan sa pananaliksik na iniharap sa pag-aaral na ito. Ang katangian ng ganitong uri ng datos ay hindi nakabase sa numero. Ang mga isahang panayam, obserbasyon, at iba pang katulad na panayam ay ginagamit upang mangalap ng ganitong uri ng datos. Sa statistics categorical data o impormasyon ay inahanay base sa karakter at katangian ng isang bagay o pangyayari (Philips-Pula et al., 2011).

Matapos ang pagkolekta ng datos sa pamamagitan ng mga panayam at talakayan, mahalaga na ito ay isalin, itala, at lagyan ng tamang label upang mapanatili ang kahusayan at kaayusan ng impormasyon. Ang paglalagay ng mga label at pagpapadali ng pag-access sa mga materyales ay nagbibigay katwiran at organisasyon sa mga datos na nakuha. Upang mas mapabuti ang pagka-salin at paglalagay ng mga datos, ang mananaliksik ay nagmamasid din sa kalidad ng mga impormasyon na nakolekta. Sa pamamagitan nito, magiging mas magaan ang proseso ng pag-aanalisa at pag-unawa sa mga datos. Ang mga hakbang na ito ay mahalaga upang ang mga resulta ng pag-aaral ay maging maayos, tiyak, at maaaring maiangkop sa mga layunin ng pananaliksik.

Ang bawat impormasyon na kinakailangang suriin sa pananliksik ay dapat ibatay sa mga datos na direktang manggagaling sa mga kalahok. Bukod pa rito, ang koleksyon ng mga tugon na sumasalamin sa mga tanong sa pananaliksik ay partikular na pinili upang maging angkla sa pangunahing paksa ng pananaliksik. Upang matamo ang pagiging balanse ng subjectivity at objectivity, isasantabi ng mananaliksik ang anumang pag-iisip na mayroon sila bago matamo ang totoong impormasyong magpapawasto sa kanilang iniisip (Creswell, 2013).

Pagkatapos makakalap ng iba't ibang impormasyon, sistematikong gagamitin ang pagsusuri ng kwalitatibong nilalaman sa pag-aayos ng mga datos na makakamit sa pamamagitan ng pagtatrabaho, pag-oorganisa at paghahati sa pamamahala, pagsasama-sama ng mga impormasyon para makalikha ng isang buong pahayag (synthesize), paghahanap ng mga modelo desinyo, at pagtalakay sa kung ano ang mahalaga at kung ano ang dapat matutuhan. Kaya higit itong nangangailangan ng mas malalim na pagsusuri sa mga bagong datos na may lohikal na kahulugan ng mga kategorya (Biklen at Bogden, 1982).

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Sa yugtong ito ng pananaliksik, ang mananaliksik ay magtatatag ng mga kategorya o temang magiging batayan sa pagsusuri ng mga nakolektang datos. Ang mga temang ito ay naging pundasyon upang masuri at maunawaan ang kabuuang kalagayan o penomena na pinag-aaralan. Ang bawat tema ay binigyang buhay at masusing inunawa upang malinaw na mailarawan ang mga natuklasan sa pag-aaral Sa pamamagitan ng mga nabuong tema, ang mananaliksik ay magkakaroon ng masusing pagsusuri na magpapakita ng masusing perspektiba ukol sa mga aspeto ng panyayari. Ang resulta ng pagsusuri ay magbibigay daan sa pagbuo ng konklusyon at beripikasyon ng mga natuklasan, na magiging pangunahing bahagi ng kabuuang pag-aaral.

Sa pagsasagawa ng kwalitatibong pananaliksik na ito, mahalagang maging mapagkakatiwalaan kapag inilalarawan kung paano ginawa ang mga resulta. Mahalagang tiyakin na maunawaan ng mambabasa ang pagsusuri at ang sumusunod na konklusyon. Ayon kay Schwandt (2007) ipinapakahulugan niya na dapat isaalang-alang ng mga mananaliksik sa kwalitatibo ang pagiging maaasahan, kredibilidad, paglipat, at kumpirmasyon bilang pamantayan ng pagiging mapagkakatiwalaan na nagsisiguro sa higpit ng kwalitatibong mga nadiskubrihan.

Sa bawat hakbang ng proseso ng pagsusuri, mahalaga ang maingat na pagsusuri ng pagiging mapagkakatiwalaan nito. Kasama sa prosesong ito ang pag-akma ng mga hakbang para sa pagpaplano, pagkolekta ng datos, pagsusuri, at pag-uulat ng mga resulta. Dapat na malinaw at sistematiko ang mga hakbang na ito upang maging mas kapani-paniwala ang buong pag-aaral.

Pagkamapagkakatiwalaan at Kawastuhan ng Pag-aaral

Sa pagsusuri ng pagiging mapagkakatiwalaan ng isang kwalitatibong pag-aaral, madalas gamitin ang mga termino tulad ng kredibilidad, kapani-paniwalaang pagkakatugma, kakayahan sa pangkalahatan, at katotohanan. Ipinapakita nito kung gaano ka-reliable ang mga impormasyon na nakalap at iniharap sa pag-aaral. Sa pangkalahatan, ang mapagkakatiwalaan ng isang pag-aaral ay nagpapahiwatig kung paano ito nakatugon sa mga kinikilalang pangangailangan ng komunidad, institusyon, at mga partisipante sa pananaliksik.

Kredibilidad. Ang kredibilidad ay nagbibigay-diin sa mga kalahok na wastong kinikilala at nailalarawan. Ito ay idiniin na bago simulan ang pamamaraan ng pananaliksik, ang pamilyar sa mga kalahok na naobserbahang penomena ay mahalaga (McCabe, 2008).

Kaya ang koneksyon ng mga mananaliksik sa mga kalahok ng kolehiyo ng KCAST ay nangangailangan ng isang mapagkakatiwalaan at praktikal na paraan ng pangangalap ng impormasyon mula sa mga mag-aaral na Muslim sa kahit anong taon at programang kanilang kinabibilangan, na interesadong makilahok sa pananaliksik at kasalukuyang naka-enrol sa kahit na anong taon at programa sa Institusyon ng KCAST.

Alinsunod dito, ang pamantayan para sa kredibilidad ay pagpapakita na ang mga natuklasang kwalitatibong pananaliksik ay kapani-paniwala mula sa pananaw ng kalahok sa pananaliksik. Ang mga kalahok ay ang tanging may karapatan na mas masuri ang pagiging maaasahan ng mga resulta dahil ang layunin ng kwalitatibong pananaliksik ay ipaliwanag o mauunawaan ang mga penomena na nakabase sa interes at pananaw ng mga kalahok.

Itatatag ng mananaliksik ang bisa ng pagsiyasat sa pamamagitan ng paggamit ng mga sumusunod na pamamaraan ng kredibilidad: matagal at magkaibang karanasan, obserbasyon, repliksibo (journal sa larangan), triangulasyon, pagsusuri ng kasapi, pagsusuri ng kapwa, teknik ng panayam, pagtatatag ng awtoridad ng mananaliksik sa estruktural na kahulugan (Gallagher, 2009).

Isasagawa ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng takdang panahon sa mga paksa sa pag-aaral na dapat sundin, na pinag-iisipan ng maigi upang magsagawa ng isang mas masusing at obhetibong pagsusuri, at paghahambing ng pagkakapare-pareho ng mga resultang nakuha gamit ang iba't ibang instrumento. Ang mga kalahok ay nakatanggap ng datos o mga resulta pabalik sa kanila upang mapatunayan ang katumpakan at kaakmaan na naaayon sa kanilang mga karanasan. Dagdag pa, ang mananaliksik ay nakipagtulungan sa isa o higit pang mga kasamahan na nagkaroon ng walang kinikilingan na opinyon tungkol sa pag aaral. Ang mga komento ay ibinigay upang mapalakas ang kredibilidad ng pag aaral at garantiyahan ang bisa nito. Dagdag pa rito, tiniyak ng mananaliksik na ang paglalahad ng suliranin, panitikan, ang pagrerepaso, pamamaraan, resulta, at talakayan ay isinulat sa isang maayos na lohikal at istruktural na kahulugan. Ang mananaliksik ay nakitungo sa mga kaukulang katotohanan o impormasyon at ibinukod ang mga walang kaugnayang datos mula sa mag-aaral upang matiyak ang kredibilidad nito at gawin itong matatag at naaangkop sa iba. Upang magarantiya ang balanse, pinayagan sila ng mananaliksik na malayang makapagsalita sa panahon ng pakikipagpanayam, na nagpalaki ng kredibilidad ng pag-aaral ayon sa nararapat.

Maaasahan. Ang pagiging maaasahan ay ang kakayahan ng isang tao sa labas ng pananaliksik na obserbahan, suriin, at pintasan ang proseso ng pananaliksik. Ito rin ay tumutukoy sa pagkakapare-pareho at pagiging maaasahan ng mga natuklasang resulta sa pananaliksik at ang lawak sa kung aling mga proseso ng pananaliksik ang dokumentado (Anney, 2014). Ang harap-harapang pakikipagpanayam o one-on-one interview (IDI) ay isang kritikal na hakbang sa pagsasagawa ng pananaliksik. Sa katunayan, ito ay epektibong paraan dahil ito ay nagbibigay daan sa mananaliksik na magkaroon ng malalim na pag-uusap kasama ang mga kalahok. Sa pamamagitan nito, ang mananaliksik ay maipahayag ang mga kaugnayang impormasyon tungkol sa karanasan ng mga kalahok nang maayos. Tungkulin ng mga kalahok na suriin ang mga

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

natuklasan sa pag-aaral, interpretasyon nito, at mga rekomendasyon. Ito ay upang tiyakin na ang lahat ng aspeto ng pag-aaral ay sumusunod sa datos mula sa kanilang mga karanasan. Bilang isang tagapanayam, mahalaga na magtagumpay ang mananaliksik sa pagpapabuo ng magandang relasyon at teamwork sa mga kalahok. Upang makamit ang tamang impormasyon mula sa kanila, mahalaga na mapanatili ang tiwala ng mga kalahok.

Bukod pa rito, ang pagiging maaasahan ay itinatag sa pamamagitan ng paggamit ng talaan ng pagsusuri o audit trail sa ingles, isang paraang code-recode, hakbang sa pagpapalit, triangulasyon, at peer review o iterator comparisons. Ang isang mananaliksik ay may pananagutan para sa lahat ng mga desisyon at gawain sa pananaliksik upang maipakita kung paano nakalap ang mga datos, na i-dokumento, at sinusuri sa pamamagitan ng paggamit ng isang talaan ng pagsusuri o audit trail, na kung saan ay nagsasangkot ng pagsusuri sa proseso ng pagtatanong at produksyon sa pagppatibay ng datos (Ang et al., 2016)

Pagkompirma. Ang pagkompirma ay nakamit sa pamamagitan ng pagsasalin at pagpapatunay ng miyembro ng mga kalahok sa tamang interpretasyon ng ideya. Kaya, ang mga interpretasyon ng datos ay hindi nilikha ng nagtatanong at ang datos ay angkop na sumasalamin sa impormasyong ibinigay ng mga kalahok. Dahil dito, ang mananaliksik ay may isinalin at isinalin ang anumang materyal na maaaring mayroon sila ay maihayag upang ang pag-aaral na ito ay magtagumpay (Begley at Watson, 2008).

Ang mananaliksik ay sumailalim sa mga konkretong hakbang at aksyon upang ma-aksyonan ang mga isyung may kinalaman sa pagsusuri ng kanilang pag-aaral. Unang hakbang nito ay ang pagpapakilala at pagsusuri ng pinagmulan ng pag-aaral, pati na rin ang mga pamantayan nito. Ginawa ito upang mapanatili ang transparansiya at tamang pagsusuri mula sa mga mambabasa ukol sa kabisahan at katanggap-tanggap ng kanilang mga natuklasan. Inisa-isa rin ng mananaliksik ang mga limitasyon ng kanilang pag-aaral, partikular sa bilang ng mga kalahok at pagkilala sa limitasyon na nagmula sa pagkakaroon ng hindi ganap na malawak na datos.

Nirekomenda rin ang masusing pagsusuri ng mga metodolohikal na paliwanag ng kanilang pag-aaral. Ginawa ito upang bigyan ang mga mambabasa ng pagkakataon na suriin ang kahusayan at kawastuhan ng kanilang konklusyon. Ito ay may layuning hikayatin ang iba pang mananaliksik na suriin ang mga tiyak na aspeto ng kanilang pananaliksik at gumamit ng mga nararapat na pagsasaayos batay sa kanilang mga pangangailangan, tulad ng disenyo ng kanilang pag-aaral, papel ng mananaliksik, kalahok, pagtitipon ng datos, pag-aanalisa ng datos, katiyakan, at etikal na konsiderasyon na eksaktong naitala.

Pagsasaalang-alang sa Paniniwalang Moral

Papahalagahan ng mananaliksik ang sinabi ni Resnik (2011) na napakahalaga para sa isang pag-aaral na mapakita na ang tagapagsiyasat ay nagsasaalang-alang sa paniniwalang moral at etikal na konsiderasyon. Mahalaga ang pagsasaalang-alang se etikal na konsiderasyon sa lahat ng parte ng pag-aaral. Isa sa mga responsibilidad ng mananaliksik na panatilihin ang pagkakakilanlan ng mga kalahok at personal na impormasyon na hindi maisisiwalat. Nararapat na tiyakin na ang mga partisipante ay handang lumahok nang walang anumang uring makaaabala sa kanila (Arifin, 2018).

Gayumpaman, upang maprotektahan ang pagkakakilanlan ng mga partisipante sa anumang uri ng kapamahakan, sinunod din ng mananaliksik ang *Data Privacy Act of 2012* nang sa gayon ito ay maging gabay ng prinsipyong etika. Sinunod ng mananaliksik ang mga etikal na pamantayan sa pagsagawa ng pag-aaral, ito ay ang sumusunod sa respeto sa mga tao, kabutihan o kagandahang-loob, at katarungan (Ching et al., 2018).

Paggalang sa mga tao, ito ay tumatalakay sa disenteng karapatan ng kalahok upang gumawa ng isang epektibong desisyon tungkol sa pakikilahok sa pag-aaral, gayundin ang disenteng pakikitungo ng mananaliksik sa mga kalahok. Isinasaad na ang isang pag aaral ay etikal kapag ang mananaliksik ay nagbibigay ng sapat na kaalaman at kamalayan tungkol dito, at ang impormasyong ito ay nagreresulta sa boluntaryong pagsang-ayon ng kalahok upang maisagawa ang pag-aaral (Walker, 2007).

Ang mananaliksik ay nagsusumite ng sulat ng permiso sa pamamahala ng kolehiyo o (OIC) *College President* bago simulan ang kanilang pag-aaral. Ginagawa ito bilang respeto sa mga partisipante. Sa buong panahon ng pag-aaral, ang mananaliksik ay tatanungin ang mga kalahok tungkol sa mga oras na magiging bakante ang kanilang oras sa panahon ng pakikipagpanayam, upang maiwasan ang hindi pagkakatugma sa mga oras. Bukod dito, bibigyan ng mahigpit na respeto at kaginhawaan ang mga kalahok sa panahon ng interbyu o pakikipanayam. Kailangan ding humingi ng pahintulot mula sa mga kalahok upang mag rekord ng mga interbyu sa *focus group discussions* (FGD) at In-Depth Interview habang isinasagawa ang mga uri ng pakikipanayam na ito. Sa mga oras ng interbyu, binibigyan ang mga kalahok ng pahintulot na magtanong sa anumang bahagi ng proseso bago, habang, o pagkatapos ng mga interbyu. Ganunpaman, mahalaga ring panatilihin ang pagiging kompidensiyal ng mga kalahok sa buong proseso ng IDI at FGD.

Bilang karagdagan, titiyakin ng mananaliksik na hindi maapektuhan ang pisikal o sikolohikal na aspeto ng kalahok sa buong panahon ng pag aaral. Sisiguraduhin ng mananaliksik na ang lahat na angkop na pamamaraan sa pagkolekta ng datos sa pamamagitan ng masusing pagsunod sa mga patnubay na itinakda ng *Research Ethics Committee* (REC) at ang panel ng

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

tagasuri o mananaliksik. Bilang isang mananaliksik sinisiguro at ipinapahayag na ang aking mga kalahok ay hindi napapailalim sa pamimilit o pagsasamantala ng punong imbestigador.

Beneficence. Ang prinsipyo ng beneficence ay nagsasaad na mayroon tayong isang tungkuling pangalagaan at itaguyod ang kapakanan ng iba. Kasama rito ang pagliit ng tyansa sa panganib upang pag-aralan ang mga kalahok at lakihan ang gantimpalang matatanggap nila sa pakikilahok sa pananaliksik. Upang mabawasan ang mga panganib para sa bawat kalahok, itinago ang pagkakakilanlan ng kalahok sap ag-aaral na ito. Ang bawat dokumento ng impormasyon ay hindi kailanman iiwanan nang walang nagbabantay o nakalantad dahil ang kaligtasan ng mga partisipante ang inuuna (Bricki & Green, 2007).

Sa kabilang banda, ang pokus ng pagtatanong na ito sa mga karanasan ng mga mag-aaral para sa mga layuning pang edukasyon, ay upang maiwasan ang anumang potensyal na sikolohikal na panganib. Sa interbyu ay iniwasan ng mga gabay na tanong ang anumang maselang paksa dahil kung gagawin ito ay maaaring lubhang magresulta sa mga kalahok ng paghina ng loob. Dahil dito, walang mga kalahok ang makakaranas ng anumang kakulangan sa ginhawa habang nakikibahagi sa pag-aaral ng panayam.

Ang mananaliksik ay may tiwala na hindi lalabag ang mga kalahok sa kanilang pribadong pagkakakilanlan, at ang kaligtasan ng lahat ay naging pangunahing prayoridad sa proyektong ito. Sa katunayan, maglalakip ang mananaliksik ng ilang tiyak na hakbang na maaaring gawin upang mapanatili ang kaligtasan ng pag-aaral at ang pagkakakilanlan ng mga kalahok. **Katarungan.** Para sa katarungan ito ay humihingi ng patas na pamamahagi ng mga panganib at gantimpala bilang bunga ng pananaliksik. Krusyal na kilalanin ang mga kontribusyon ng lahat dahil lahat sila ay nag-ambag sa tagumpay ng pananaliksik sa kung anong paraan. Sa lahat ng kanilang mga pagsisikap, dapat silang mabigyan ng tamang pagpupuri o karangalan.

Sa interbyu, wala silang nagastos na pera Bilang pasasalamat sa kanilang mga kontribusyon sa pag-aaral, may katuturang ballpen ang ibinigay sa kanila bilang tanda ng malaking pasasalamat sa kanilang pakikilahok. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, inaasahan na makakalaya sila sa anumang mga hindi kasiya-siyang mga alaala na maaaring mayroon sila at mapanatili ang isang positibong reputasyon para sa anumang kapaki-pakinabang na mga pananaw na maaari silang magkaroon (Bloom & Crabtree, 2006).

Upang maiwasan ang pagpapakita ng paboritismo habang isinasagawa ang pag-aaral, tatratuhin ng mananaliksik ang kanyang mga kalahok nang patas at may paggalang. Ang parehong mga inaasahang kalamangan at panganib ng pag-aaral na ito ay pantay-pantay na ilantad sa bawat kalahok. Sa buong mga sesyon ng panayam, patuloy na susuriin ng mananaliksik ang kalagayan ng kanilang mga kalahok habang sumasagot sa mga katanungang na may kaugnay sa pag-aaral na isinasagawa. Bilang karagdagan rin ang mananaliksik ay magbibigay ng mga praktikal na regalo para sa pagpapasalamat o token sa lahat ng kanyang mga kalahok bilang isang kabayaran sa oras at pagsisikap na kanilang ibinigay sa pagtulong sa mananaliksik para makumpleto ang pag-aaral. Upang maalis ang anumang potensyal na pinansiyal na panganib para sa mga kalahok, agad na papalitan ng mananaliksik ang mga gastusin na kanilang ginastos para sa pag-aaral. At ang pinakamahalaga sa lahat, tiyakin ng mananaliksik na ang kanilang pag-aaral ay magsasama lamang ng kanilang mga tunay na sagot at katotohanan.

Pagdating sa seguridad at personal na pgkakakilanlan ng mga kalahok sa pananaliksik, itataguyod ng mananaliksik ang proteksyon ng mga datos na itinuturing ang kanilang pagkakakilanlan at lahat ng kanilang natuklasan. Upang masiguro ang personal na pagkakakilankilan, isasagawa ng mananaliksik ang mga interbyu sa isang pribadong lugar na walang ibang tao, upang maiwasan ang anumang potensyal na pakikialam ng mga hindi kasama sa pag-aaral.

Kompidensyal. Patungo sa mga resulta at natuklasan kabilang ang siguridad ng mga kalahok, ginamit ang coding system. Ibig sabihin, nakatago ang pagkakakilanlan ng mga partisipante. Ang mga kalahok ay hindi nagpapakilala, sa ibang salita, ang pagsusuri ng datos ay dapat na sinundan ng pagkawasak ng lahat ng mga dokumento, kabilang ang mga video tape, naka encrypt na transcript, mga tala, at iba pang mga kasangkapan.

Sa pag-aaral na ito, itinataguyod ang striktong pagiging kompidensyal. Itatampok ng mananaliksik ang pagpapakilala ng discrete coding kapag isinusulat ang mga sagot ng mga kalahok. Batay sa Batas Republika 10173, o *Data Privacy Act of 2012*, na nagiging batayan ng proyektong ito, ipinapahayag na ang anumang impormasyon na maaaring makilala ang mga kalahok, tulad ng pangalan, kasarian, lahi, o trabaho at lokasyon, ay dapat pangalagaan upang mapanatili ang kanilang personal na pagkakakilanlan. Sa ganitong paraan, ang tamang pagsusulat ng code at iba pang pamamaraan ay ipapatupad upang protektahan ang pagkakakilanlan ng mga kalahok. Bukod dito, walang kinakailangang dokumento sa proyektong ito na kinakailangang punan ng mga kalahok para ibunyag ang kanilang pagkakakilanlan. Inaamin rin ng mananaliksik ang mga interbyu bilang karagdagang hakbang para sa kaligtasan ng mga kalahok.

Pahintulot. Ang pagkakaroon ng pahintulot ay isa pang mahalagang paraan ng pagpapahalaga sa mga indibidwal sa panahon ng pananaliksik. Ito ay isinasagawa upang ipabatid sa lahat ng mga sangkot sa pag-aaral ang layunin at kontribusyon na kanilang magiging bahagi ng proyekto. Ipinahahayag ito sa kanila sa pamamagitan ng isang opisyal na sulat na kanilang tinanggap. Mula dito, sila ay aktibong nakilahok sa mga pokus

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

na grupo at masusing panayam mula noong tanggapin nila ang kanilang pahintulot. Sa ganitong paraan, sila ay may kaalaman sa mga natuklasan at konklusyon ng pag-aaral (Creswell, 2013). Bilang pagpapahalaga sa mga kalahok, pinatunayan ng mananaliksik ang kanilang malalim na interes na maging bahagi ng pag-aaral sa pamamagitan ng kanilang pagsusuri. Bukod dito, sila ay aanyayahan na kusang-loob na makilahok. Para sa patunay ng kanilang boluntaryong partisipasyon, hinihingi ang kanilang pagsang-ayon sa pamamagitan ng isang pahintulot na may sapat na kaalaman o sa ingles ay informed consent form na kanilang pipirmahan. Kasama dito ang pagsusuri ng layunin ng pag-aaral at iba't ibang aspeto nito, tulad ng metodolohiya at disenyo. Ang mga napipili para sa pag-aaral ay tiyak na uunawain na mananatiling pribado ang kanilang impormasyon, kahit matapos na ang pag-aaral, at sila ay malaya na umalis kung naisin.

RESULTA

Sa pananaliksik na ito, binigyang-diin ang paggamit ng In-Depth Interview at Focus Group Discussion bilang pangunahing pamamaraan sa pangangalap ng datos. Labing-apat na kalahok ang lumahok—pito (7) sa in-depth interview at pito (7) rin sa focus group discussion—na pawang mga Muslim na mag-aaral mula sa iba’t ibang kurso at taon sa Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology (KCAST). Ang mga panayam ay isinagawa gamit ang smartphone at voice recorder, at ang mga sagot ay na-transcribe, na-encode, at isinalin sa Filipino bago dumaan sa masusing pagsusuri para sa pagkakategorya ng mga tema. Ang masusing pagdinig sa kanilang mga karanasan sa pamamagitan ng in-depth interview at sama-samang talakayan ay nakatulong upang higit na maunawaan ang mga suliraning kinakaharap nila bilang Muslim na mag-aaral, at nagbigay-daan sa mga posibleng solusyon at mas malalim na pag-unawa mula sa kanilang kapaligiran.

Ang bahaging ito ay nagbigay ng mga detalye sa resulta ng qualitative analysis upang sagutin ang mga sumusunod na katanungan sa pananaliksik:

1. Ano-ano ang Karanasan ng mga mag-aaral na Muslim sa loob ng isang lokal na Kolehiyo?
2. Ano-ano ang mga pamamaraan na ginagamit ng mga mag-aaral na Muslim sa mga hamon na kanilang kinaharap sa loob ng isang lokal na Kolehiyo?
3. Ano-ano ang mga mithiin at pananaw ng mga mag-aaral na Muslim sa loob ng isang lokal na kolehiyo?

Ang kabanatang ito ay nahahati sa apat na bahagi: ang Unang Bahagi ay tungkol sa datos ng mga kalahok kung saan nakolekta ang *qualitative data*; saklaw naman ng Ikalawang Bahagi ang pagsusuri ng datos, mga pamamaraan, at ang mga hakbang sa pagkakategorya ng mga umuusbong na tema mula sa resulta ng *In-depth Interview* at *Focus-group Discussion*; ang Ikatlong Bahagi ay tumatalakay sa mga tugon sa panayam sa ilalim ng mga problema at hamon sa pamamahayag; ang pang-apat na nahagi naman ay naglalaman ng buod ng mga tugon.

Mga Kalahok

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay mga Muslim na mag-aaral na kumuha ng kahit anong kurso sa kolehiyo at napapabilang sa kahit anong taon sa pag-aaral sa loob ng institusyon o lokal na kolehiyo ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology (KCAST) na may mga personal na karanasan bilang isang Muslim na mag-aaral. Tulad ng ipinapakita sa *Table 1*, kabuuang 14 ang nakilahok sa pag-aaral na ito. Kabilang ang 14 na kalahok para sa *in-depth interview* at *focus-group discussion*. Sa 14 na kalahok na ito, 7 ang napabilang sa *in-depth interview*, at 7 para naman sa *focus-group discussion*. Silang lahat ay mga mag-aaral na Muslim na kasalukuyang nag-aaral sa institusyon o lokal na kolehiyo ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology (KCAST).

Alinsunod sa prinsipyo ng kumpidensyalidad, isang palayaw ang ipinangkakaloob sa bawat kalahok sa panahon ng in-depth interview, sumusunod sa pamamaraang ginamit ni Bernal (2014). Ang mga palayaw ay pinili ng mga kalahok mismo, batay sa kanilang kagustuhan at kakaibang pisikal na katangian, pati na rin ang kanilang mga tugon at pag-uugali na natutunghayan sa buong sesyon ng panayam.

Lahat ng mga kalahok ay sumagot sa parehong hanay ng mga tanong. Ang pagpili ng mga kalahok ay nakabatay sa kanilang personal na karanasan bilang mga Muslim na mag-aaral na kumuha ng kahit anong kurso sa kolehiyo at napapabilang sa kahit anong taon sa pag-aaral sa loob ng institusyon o lokal na kolehiyo ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology (KCAST), na natukoy ng mananaliksik at napatunayan sa pamamagitan ng personal na pahayag na ibinigay o ibinahagi ng mga kalahok. Ang pinalalim na panayam ay isinagawa sa pamamagitan ng hapag na birtwal o online at face-to-face na panayam dahil mas magiging komportable ito sa kanilang oras ng kagustuhan, na nagbibigay-daan sa mas malalim na paningin at mas mahusay na pagpakahulugan. Bukod dito, maaring tuwirang mabigyan ng linaw at sumagot sa mga sumusunod na katanungan, na nagtataguyod ng mas malawakang pagkaunawa sa mga personal na karanasan ng mga kalahok bilang isang mag-aaral na Muslim. Ang mananaliksik ay iginalang ang desisyon ng mga kalahok na humiling ng pag-aayos at pagpapaliban ng panayam dahil sa kanilang mahahalagang dahilan na may kinalaman sa kanilang personal na mga gawain bilang isang indibidwal. Isinaalang-alang ng mananaliksik ang hapag na birtwal o *online* at *face-to-face* bilang isang mahalagang salik upang makamit at matiyak ang katumpakan at kredibilidad ng pag-aaral.

Pagkategorya ng Datos

Matapos ang pagsagawa ng mga pinalalim na panayam, ang mga tugon sa panayam ay sinulat, isinalin, at inanalisa. Sinimulan ang analisis sa pamamagitan ng proseso ng pag *code*, na kinasasangkutan ng pag-organisa ng mga materyales sa mga bahagi ng teksto upang makakuha ng makabuluhang impormasyon. Sa pamamagitan ng pagku-*code*, nabuo ang mga paglalarawan ng mga kalagayan ng mga kalahok at mga temang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

kategorya upang magbigay ng pangkalahatang paglalarawan sa phenomenon na sinasaliksik. Ang mga resulta ng datos ay iniharap sa pamamagitan ng isang talahanayan. Ang datos na nakuha ay ipinasa sa data analyst para sa pagsusuri ng datos at pagbuo ng mga lumalabas na tema.

Nakasanayan na ang mga tema ay hinuhugis sa pangkalahatang paglalarawan ng isyung pinag-aaralan. Ang mga resulta ng datos ay ipinakita sa anyo ng talahanayan. Ang mga datos na nakalap ay iniabot sa nakatalagang *data analyst* upang aprubahan at i-*verify* ang datos at ang mga umuusbong na tema na ginawa at sinuri ng mananaliksik.

Sa pagkategorya ng mga datos, ang mga tema ay inilahad sa bawat talatanungan upang ito ay hatiin sa iba't ibang kategorya at makabuo ng sentrong tema. Ang mga temang nabuo mula sa pag-aaral ay masusing tinalakay upang makapaglahad ng tuwirang mga deskripsyon. Sumunod naman sa mga pangunahing tema ay ang mga talahanayan na kung saan napapaloob ang pangunahing ideya ng mga partisipante batay sa kanilang mga tugon.

Dagdag pa rito, ang pag-aanalisa ng mga datos na makikita sa Talahanayan 2, 3, at 4 upang maikategorya ang mga datos na ito, ang mga tema ay inilahad sa bawat katanungan ng pag-aaral at tinawag na mga sentrong tema. Ang nasa tapat naman ng mga mahahalagang tema sa talahanayan ay ang mga kasamang ideya mula sa tugon ng mga partisipante. Idinagdag ang isang hanay sa talahanayan na ipinapakita ang *frequency* ng mga tugon, na kung saan naging batayan para sa klasipikasyon ng pangkalahatan, tipikal at nauuri base sa natalakay.

Unang Tanong sa Pananaliksik: Ano-ano ang Karanasan ng mga mag-aaral na Muslim sa loob ng isang lokal na Kolehiyo?

Upang sagutin ang tanong na ito sa pananaliksik, isinagawa ang pinalalim na panayam sa mga kalahok, ayon sa kanilang pagkakasunod-sunod. Samakatuwid, mayroong limang nakasuportang katanungan o *sub questions* ang itinanong sa mga kalahok upang maunawaan ang kanilang mga karanasan hinggil sa personal nilang mga karanasan bilang isang mag-aaral na Muslim sa loob ng institusyon o lokal na kolehiyo ng KCAST.

Ang limang temang ito ang siyang pinanggagalingan ng mga naging karanasan ng mga mag-aaral na Muslim habang kasalukuyan silang nag-aaral sa loob ng institusyon o lokal na kolehiyo ng KCAST. Ang mga karanasang ito ang siyang bitbit ng mga mag-aaral na mag-aaral habang nag-aaral, mapa-birtuwal na hapag man, sa mismong loob ng silid-aralan, o sa labas ng nasabing institusyong.

Talahanayan 2
Mga Karanasan ng mga Mag-aaral na Muslim sa loob ng Isang Lokal na Kolehiyo

Mga Pangunahing Tema	Pansuportang Pahayag
Nakaramdam ng Kaunting Diskriminasyon dahil sa Kasuotan	● *"Maraming tao o estudyante ang tumutitig sa akin at hindi ako komportable kasi hindi ako sanay. Siguro dahil isa akong Muslim na estudyante na palaging nakasuot ng hijab."* – IDI-02 ● *"May mga tao o estudyante talaga na siguro hindi pa masyadong bukas sa paraan ng kilos ng mga Muslim o sa pananamit, tulad ng pagsusuot ng hijab at long sleeves."* – IDI-06 ● *"...may ilang estudyante talaga na tinitingnan ka kapag dumadaan ka dahil sa pananamit namin—tulad ko na nakahijab at naka-long sleeves. Hindi ko lang maintindihan kung hinuhusgahan ba nila ako base sa suot ko o kung ano."* – IDI-07 ● *"...hindi madali ang mag-aral sa lugar na hindi Muslim kasi hindi ako komportable. Iba ako sa kanila—ako ay balot na balot habang sila ay kabaligtaran. Isa talaga sa mga suliraning kinakaharap ko ay ang makibagay sa mga kaklase kong hindi Muslim."*-FGD-01
Nagkakaroon ng mga Hamon dahil sa Negatibong Pananaw sa mga Muslim	● *"Minsan, hindi ko sinasama ang sarili ko sa kanila. Bagaman, ugali ko naman talaga ang gustong mapag-isa, marahil dahilan din ito na Muslim ako. Baka hindi nila ako gusto, baka iba ang tingin nila sa atin dahil sa mga naririnig nila. Nakatatak sa isipan ng ibang tao na masama o iba ang ugali natin."* – IDI-01 ● *"Ang pangunahing hamon na aking nararansan bilang isang estudyanteng Muslim dito sa ating paaralan ay ang mag-adjust sa aking paligid at sa mga tao na aking nakakasalamuha. Kailangan nating makisabay sa mga non-Muslim para hindi tayo mahusgahan at makatanggap ng negatibong mga salita mula sa kanila."* – IDI-06 ● *"May mga pagkakataon na nagbibiro sila tungkol sa relihiyon at parang insulto ang dating para sa akin. Gusto ko silang komprontahin pero hindi ko magawa, kaya ayun, laban lang palagi, nakikibagay at nakikisama pa*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

	rin ako sa kanila." – FGD-01
Nagiging Hamon ang Pagsasayaw dahil Pinagbabawal	• *"Ang suliranin na aking kinakaharap ay ang pagsasayaw dahil bilang isang Muslim ito ay bawal."* – FGD-04 • *"Halimbawa sa P.E., bawal kasi sa amin ang pagsasayaw. Nahihirapan akong magpaliwanag sa guro dahil alam kong hindi ganoon katibay ang dahilan ko para hindi sumali sa pagganap, kasi bahagi naman talaga iyon ng pag-aaral."* – IDI-06 • *"Dapat isaalang-alang nila kung ano ang ipinagbabawal sa amin bilang mga Muslim tulad ng pagsasayaw at pagkanta. Mas mabuti sana kung bigyan na lang kami ng ibang gawain bilang kapalit."* – FGD-02
Pagkaroon ng Tunay na mga Kaibigan na Erererespeto ang Paniniwala	• *"Isa sa mga hindi ko makakalimutan ay ang pagtutulungan ng aking mga kaklase sa panahon ng Ramadan, kung saan naiintindihan nila ang aking pangangailangan na mag-ayuno at binibigyan ako ng espasyo para magdasal."* – IDI-05 • *"Nakakakilala ako ng mga bagong tao na nagiging kaibigan ko—kasama sa pagkain, paggawa ng proyekto, at minsan kapag may gusto akong linawin o hindi ko naintindihan, madali ko silang malapitan. Hindi ko rin nararamdaman na naiiwan ako kahit Muslim ako at sila ay Kristiyano."* – IDI-07 • *"Noong may event sa school na pang-grupo at buong araw ang aktibidad—lahat ng ito ay hindi ko makakalimutan. Sa oras ng kainan, puro manok ang inihanda nila at namangha ako noon dahil iginalang nila ako kahit ako lang ang Muslim sa grupo. Bukod doon, naging magaan silang lapitan at kausapin."* – FGD-01 • *"Ang mahalagang pangyayari na hindi ko makakalimutan bilang isang mag-aaral na muslim ay nagkaroon ako ng mga mabubuting kaibigan na nirerespeto ang aking paniniwala."* – FGD-06
Nakakadama ng Kahinaan ng Loob sa Pakikisama sa ibang Mag-aaral	• *"Kasabay nito, naaapektuhan din ang paraan ko ng pagpapakita ng aking mga kasanayan o pagganap sa paaralan bilang isang estudyante. Halimbawa, tila bumaba ang aking kakayahan sa komunikasyon at natatakot akong makipagsalamuha sa mga tao na hindi ko gaanong kakilala." – IDI-01* • *"Ang mga pangunahing hamon na aking kasalukuyang hinaharap ay ang pakipag kaibigan sa aking mga non-muslim classmate. Nahihiya akong mag approach sa kanila kasi baka pagsabihan ako nang hindi maganda." – FGD-01* • *"Ang mga pangunahing hamon na aking kasalukuyang hinaharap ay ang patuloy na pakikisama sa aking mga kaklase kahit minsan ay ang hirap makisabay sa kanilang mga gawain."* – FGD-03 • *"Bilang isang mag-aaral na Muslim, naranasan kong maging mapag-isa, na para sa akin iba ako sa mga estudyanteng nag aaral."* – FGD-04

Ikalawang Katanungan sa Pananaliksik: Ano-ano ang mga pamamaraan na ginagamit ng mga mag-aaral na Muslim sa mga hamon na kanilang kinaharap sa loob ng isang lokal na Kolehiyo?

Sa pag-aaral na ito, upang masagot ang tanong na ito, isinagawa ang mas malalim na panayam sa mga kalahok batay sa kanilang pagkakasunod-sunod. Ibig sabihin, maraming mga sumunod-sunod na katanungan ang itinanong upang mas maunawaan ang kanilang mga karanasan bilang mga mag-aaral na Muslim sa loob ng nasabing institusyon.

Ang apat na temang ito ang siyang naging kaparaanan ng mga partisipante upang malagpasan ang mga hamong kanilang kinakaharap sa as kabila ng mga karanasang kanilang pinagdaanan sa look man o labas ng institusyon bilang isang mga mag-aaral na Muslim. Ang mga kaparaanang ito ang siyang bitbit nila palagi upang mas marami pang matutuhan at para na rin maging isang mag-aaral na may makapangyarihan o kakayahan sa paglaban at pagbibigay solusyon sa mga hamong kanilang napagdaanan bilang isang mag-aaral na Muslim sa loob ng isang lokal na kolehiyo ng KCAST.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 2
Mga Pamamaraan na Ginagamit ng mga Mag-aaral na Muslim sa Pagharap sa mga Hamon na Kanilang Kinaharap sa Loob ng Isang Lokal na Kolehiyo

Mga Pangunahing Tema	Pansuportang Pahayag
Hindi Pagbibigay-pansin sa mga Negatibong Komento ng Ibang tao sa Paligid	● *"Huwag mabahala at mag pokus lang sa pag-aaral; hindi hadlang ang mga problema sa pagkamit ng mga pangarap"*-IDI-04 ● *"Siguraduhing huwag bigyan ng pansin ang opinyon ng iba, lalo na kung negatibo ang kanilang sinasabi."*-IDI-106 ● *"Isa sa mga estratehiya ay ang hindi na lang pagbibigay pansin sa kanilang mga opinyon. Kung titignan nila ako o kung ano man ang sabihin nila tungkol sa aking kasuotan, ayos lang, basta't ako ay komportable."*-IDI-07 ● *"Huwag mo na lang silang pansinin dahil lahat naman tayo ay tao at pare-pareho tayong may iisang dugo at amoy, tulad ng sabi sa akin ng aking kuya. Hayaan mo na lang at maging totoo ka sa sarili mo; okay lang din na maging mag-isa."*-FGD-01
Pagdarasal kay ALLAH (Diyos)	● *"Tinitiyak kong bago ako matulog sa gabi, palagi akong nagdarasal kay Allah upang magabayan at matulungan akong mapagtagumpayan ang mga pagsubok na aking haharapin sa hinaharap bilang isang Muslim na estudyante"*-IDI-02 ● *"Humihingi ako ng suporta mula sa aking pamilya at mga kaibigan, at naglalaan ng oras para sa sarili upang magpahinga at magdasal"*-IDI-05 ● *"Simple lang ang ginagawa ko, nagdarasal ako ng limang beses sa isang araw. Dahil nawawala ang mga problema mo kapag natapos mo ang limang (5) pagdarasal"*-FGD-02 ● *"Una sa lahat ay si Allah at ang aking pamilya, sapagkat sila ang mas nakakakilala at nakakaintindi sa akin, at tumutulong kapag ako ay may mga problemang hinaharap"*-FGD-05
Pagtitiwala sa Sarili o sa Sariling Kakayahan	● *Hinaharap ko ang mga hamon sa pamamagitan ng pagkakaroon ng tiwala sa sarili at paggawa ng mga bagay kung hanggang saan ang kaya kong gawin sa pinakamahusay na pamamaraan. Ang sikreto ay ang gawin lamang ang makakaya natin sa akademikong aspeto, habang sa personal na buhay ay ginagawa ko lang ang tama at nararapat, at hindi binibigyang pansin ang mga bagay na nagdudulot ng pagdududa sa sarili."-IDI-06* ● *"Palagi ko nalang iniisip na 'kaya ko ito' at pagsubok lang ito ni Allah S.W.T. na ibinigay niya sa akin dahil alam niya na kaya ko itong problema kaya sa akin niya ito ibinigay. At lagi ko lang ipinagdarasal kay Allah S.W.T ang lahat dahil siya ang mas nakakaalam sa lahat ng nangyayari dito sa Mundo."-FGD-02* ● *"Hinaharap ko ang mga hamon sa akademiko at personal na buhay sa pamamagitan ng pagtitiwala ko sa aking sarili na ang lahat ng aking nararanasan ay malalampasan ko rin"-FGD-03* ● *"Dapat laging may tiwala sa sarili"-FGD-05*
Ginawang Motibasyon ang Makapagtapos ng Pag-aaral at Makatulong sa Magulang	● *"Siyempre ang makapagtapos, dahil ang pakiramdam ng kasiyahan na ikaw ay may degree bilang isa sa mga babaeng Muslim ay napakahalaga. Aminin natin na maraming babaeng Muslim ang hindi nakakapagtapos dahil sa arrange marriage."*-IDI-01 ● *"Palagi kong motibasyon ang aking pamilya."*-IDI-04 ● *"Isa sa aking mga motibasyon na magpatuloy ay ang aming kahirapan. Sa kabila ng mga problema, maging sa pinansyal o pamilya, nais ko pa ring magpatuloy sa pag-aaral. Isa pa sa aking mga dahilan ay ang aking mga magulang. Gusto ko silang matulungan at mabigyan ng kanilang mga pangangailangan at kagustuhan. Nais kong maibalik sa kanila ang mga sakripisyo na kanilang ginawa para sa amin."*-FGD-01 ● *"Ang aking motibasyon upang magpatuloy sa pag-aaral bilang isang mag-aaral na Muslim sa loob ng isang lokal na kolehiyo ay ang aking magulang dahil hindi ako makapag-aral dito kung hindi dahil sa kanila"*-FGD-02

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Pangatlong Tanong sa Pananaliksik: Ano-ano ang mga mithiin at pananaw ng mga mag-aaral na Muslim sa loob ng isang lokal na kolehiyo?

Sa pag-aaral na ito, upang matugunan ang katanungang ito, isinagawa ang mas detalyadong panayam sa mga kalahok base sa kanilang pagkakasunod-sunod. Samakatuwid, maraming serye ng mga katanungan ang ibinato upang mas maunawaan ang kanilang mga pagsusuri at pananaw hinggil sa kanilang mga karanasan sa bilang mga mag-aaral na Muslim sa loob ng institusyon o isang lokal na kolehiyo ng KCAST. Sa ganitong paraan, mas mabibigyang linaw ang kanilang mga karanasan ukol sa kanilang repleksiyon bilang mga mag-aaral na Muslim sa loob ng nasabing institusyon.

Ang apat na temang ito ang siyang naging pananaw ng mga partisipante sa suliraning kanilang kinakaharap bilang isang mag-aaral na Muslim sa loob ng lokal na kolehiyo ng KCAST. Ang mga kaparaanang ito ang siyang bibitbitin nila at sa mga sumusunod sa kanilang yapak bilang mga mag-aaral na Muslim ng institusyon upang malagpasan ang mga suliraning kanilang kinakaharap at kakaharapin pa bilang indibidwal man ng isang komunidad o mag-aaral ng lokal na kolehiyo.

Talahanayan 4
Mga Mithiin at Pananaw ng mga Mag-aaral na Muslim sa Loob ng Isang Lokal na Kolehiyo

Mga Pangunahing Tema	Pansuportang Pahayag
Pagkakaroon ng Positibong Pananaw sa Buhay	● *"Tulad ng sinabi ko kanina, huwag lang talaga nating bigyan ng pansin ang mga nagatibong enerhiya sa ating paligid"*-IDI-07 ● *"Huwag matakot harapin ang mga problema dahil ito ay mga pagsubok lamang, at ugaliing mag-isip nang positibo sapagkat ito ang maghahatid sa atin sa tagumpay"*-FGD-03 ● *"Maging positibo lagi at kung ano man ang inyong layunin sa buhay ay ipagpatuloy mo lang ito at maging matatag palagi dahil balang araw matutupad mo rin ang iyong mithiin sa buhay"*-FGD-04 ● *"Maging positibo, makihalubilo, at maging masipag para sa hinaharap"*-FGD-07
Maging Bukas ang Ating Kaisipan Patungkol sa Relihiyong Islam	● *"Siguro, makakatulong ang mga educational seminar o pagtitipon tungkol sa relihiyong Islam at kulturang Muslim upang mapanatili ang respeto at pag-unawa sa bawat isa."*-IDI-03 ● *"Nais ko sanang mas mapalalim pa nila ang kanilang pag-unawa sa amin bilang mga Muslim at magbigay ng respeto sa aming paniniwala. Sa ganitong paraan, magiging patas din ang paggalang sa amin at gayun din ang paggalang namin sa kanila."*-IDI-07 ● *"Nais kong iparating na hindi bahagi sa kautusang Islam ang pagpatay ng tao at ito ay ipinagbabawal sa aming relihiyon. Gusto kong baguhin ang kanilang mga negatibong pananaw ukol sa mga Muslim."*-FGD-01 ● *"Gusto kong makita na mas maunawaan ng mga mag-aaral ang tunay na kahulugan ng Islam, at maalis sa kanilang isipan ang maling impormasyon na kumakalat tungkol sa relihiyong Islam"*-FGD-03
Ang Pagkakaroon ng Ibang Pananampalataya ay Hindi Hadlang sa Pag-aaral	● *"Ang pagiging iba ay hindi nangangahulugang kailangan mong maging katulad ng ibang mga estudyante. Ang mga pagsubok at hamon ay palaging bahagi ng buhay bilang mag-aaral. Kung wala ang mga paghihirap na iyon, hindi natin mararating kung anong meron tayo ngayon at sa hinaharap."*-IDI-02 ● *"Nagpapasalamat pa rin ako sa aking mga kaibigan at sa ilang mga kaklase na laging nandiyan para sa akin, na nagbibigay sa akin ng pakiramdam na ako ay kabilang sa institusyong ito kahit na iba ako dahil ako ay isang Muslim"*-IDI-06 ● *"Napagtanto ko na sa kabila ng aking pagkakaiba bilang isang Muslim na mag-aaral sa isang institusyon sa ating lugar, may mga tao pa ring handang tumulong at iparamdam sa akin na hindi kami magkaiba bilang mga estudyante. Ang mga taong ito ay ang aking mga kaibigan, kaklase, at guro"*-IDI-07 ● *"Napagtanto ko na maraming mga mababuting hinaharap ang nag-aabang sa akin in the future at marami ding mga tao ang nirerespeto ang paniniwala ko"*-FGD-06
Nagkakaroon ng Oportunidad na Mapabilang sa Ibang Grupo	● *"Maging palakaibigan tayo dahil sa ganitong paraan, mas mauunawaan natin ang iba. Hindi pwedeng laging sila ang mag-aadjust para sa atin; kailangan din nating mag-adjust para sa kanila at para na rin sa kapayapaan at maayos na pamumuhay."*-IDI-01 ● *"Sa silid-aralan, makipag-ugnayan ka sa mga kaklase mo ganon. Maraming mga bagay na maaaring gawin upang maging maayos ang daloy ng pag-aaral sa loob ng silid-aralan"*-IDI-04 ● *"Pakikisama sa kapwa mag-aaral upang magkaroon ng mabuting samahan at maiwasan ang mga nigatibong kaisipan"*-FGD-03 ● *"Tayong lahat ay pantay-pantay kahit sino ka man o kahit ano man ang iyong paniniwala ay parehas lang tayong may layunin sa buhay para makamit ito"*-FGD-04

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

DISKUSYON

Karanasan ng mga Mag-aaral na Muslim sa Loob ng Isang lokal na Kolehiyo. Ang tanong na ito ng pananaliksik ay naglalayong galugarin ang naging karanasan ng mga mag-aaral na Muslim sa lokal na kolehiyo. Nilalayon nitong galugarin kung paano ang mga mag-aaral na ito ay nagnavigate sa mga hamon bilang mag-aaral na Muslim sa loob ng lokal na kolehiyo kung saan ay kalamangan ng mag-aaral ay hindi muslim. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa kanilang karanasan ang pananaliksik ay naglalayong pagaanin ang mga potensiyal na hadlang, estratehiya, at implikasyon para sa pag-aaral ng mga mag-aaral na Muslim. Ang iba't ibang may-akda teorista ay nagpakita ng mga pahayag na nagtutugma sa mga karanasan ng mga mag-aaral sa loob isang lokal na Kolehiyo tungkol sa kanilang mga karanasan bilang isang mag-aaral na Muslim. Ang mga sumusunod ay ang mga karanasan ng mga mag-aaral na Muslim sa loob ng isang lokal na Kolehiyo:

Isiniwalat sa unsang tema na ang mga mag-aaral na Muslim ay **nakaramdam ng kaunting diskriminasyon dahil sa kasuotan.** Hindi hinggil sa ating isipan na bawat tribo, grupo, o kahit relihiyon ay may kanya kanyang magagandang kultura na ipinamamalas, kabilang na dito ang kasuotan. Subalit kahit sa kagandahang ito, minsa'y di pa rin maiwasan ang tinatawag nating stereotyping at nabibigyang lebel ang tao base sa kanilang kasuotan. Bukod dito, dahil sa mga balitang nakikita sa telebisyon tungkol sa mga Muslim ay iniisip ng mga tao na lahat ng Muslim ay kagaya ng kanilang nasisilayan sa telebisyon, bayolente. Isa ito sa mga naging karanasan ng mga mag-aaral na Muslim, iba ang kanilang kasuotan kumpara sa karamihan ng mag-aaral. Kilala ang mga Muslim, patikular ang mga babae, sa pagsusuot ng hijab, isang tradisyonal na kasuotan na sinusuot ng mga babaeng Muslim upang takpan ang kanilang buhok at katawan bilang tanda ng modestya at pananampalataya. Hindi maiwasan makaranas ng mga mag-aaral na madiskrimina sa tuwing nakikita silang suot ang kasuotang ito.

Ang resulta ng pag-aaral ay kapareho sap pag-aaral ni Bakali (2021), ang pag-aaral na ito ay nagsusuri sa karanasan ng mga kababaihang Muslim na nagsusuot ng hijab. Ipinapakita nito na ang hijab ay nagiging simbolo na nag-uugnay sa kanila sa terorismo at 9/11 attacks, na nagreresulta sa diskriminasyon at panghuhusga mula sa mga kaklase at guro. Ang hijab ay madalas na nagiging sanhi ng pagtanong sa kanila kung sila ay konektado sa mga teroristang aksyon, na nagpapakita ng *racialization* ng Islam at mga simbolo nito.

Ito ay katulad din sa mga natuklasan sa pag-aaral nina Baumann at Bunglawala (2020), nakatuon ang kanilang pag-aaral sa kaugnayan ng pananamit at pagkakakilanlan ng mga Muslim na estudyante sa mga unibersidad sa *United Kingdom*. Ipinakita dito na ang pagsusuot ng tradisyunal na damit ng mga Muslim ay nagiging sanhi ng diskriminasyon at mga negatibong pagtingin mula sa kanilang mga kaklase at guro. Ito ay nagdudulot ng stress at pakiramdam ng hindi pagkakasama.

Kaugnay sa unang tema, lumabas sa ikalawang tema na **nagkakaroon sila ng hamon sa pakikipagsabayan dahil sa negatibong pananaw sa mga Muslim.** Nagkakaroon ng hamon ang mga mag-aaral na Muslim sa pakikipagsabayan dahil sa negatibong pananaw sa kanila ng ilang tao. Ang mga prehuwisyong ito ay maaaring magdulot ng pag-aalinlangan at kawalan ng kumpiyansa sa mga mag-aaral na Muslim. Maaaring makaranas sila ng diskriminasyon mula sa kanilang mga kaklase at guro, na nakakaapekto sa kanilang pag-aaral at pang-araw-araw na buhay. Ang mga negatibong pananaw na ito ay minsan nagmumula sa kakulangan ng kaalaman o maling impormasyon tungkol sa Islam. Dahil dito, ang mga mag-aaral na Muslim ay nahihirapang magtagumpay at makaramdam ng pagtanggap sa kanilang kapaligiran.

Ang resulta ng pag-aaral ay sang-ayon sa pag-aaral ni Saeed (2019), Ayon sa kaniyang pag-aaral, ang mga Muslim na estudyante sa mga kanlurang kolehiyo ay nakakaranas ng iba't ibang hamon dulot ng diskriminasyon at *stereotype*. Ang mga kuwento ng mga estudyanteng Muslim ay nagpapakita ng pakiramdam ng pagiging *"othered"* at ang kanilang pakikibaka sa araw-araw na buhay sa paaralan. Ang pag-aaral ay nagbibigay ng malalim na pag-unawa sa mga karanasan ng mga Muslim na estudyante, na nagpapakita ng matinding epekto ng mga negatibong pananaw sa kanilang personal at akademikong buhay.

Sumasang-ayon din dito ang pag-aaral ni Shaheen (2024) na nagbabalangkas ng mga hamon na kinakaharap ng mga Muslim na estudyante sa mga kolehiyo dahil sa *Islamophobia*. Ayon sa kanilang mga natuklasan, ang mga Muslim na estudyante ay madalas na nahaharap sa mga *negative stereotypes* at *prejudices* na nagdudulot ng pagkaparalisa sa kanilang akademikong pag-unlad at personal na kaligayahan. ng pag-aaral ay binibigyang-diin ang pangangailangan para sa mga inklusibong polisiya at mga hakbangin upang labanan ang *Islamophobia* sa mga institusyong pang-edukasyon.

Ang ikatlong tema ay **nagiging hamon ang pagsayaw dahil pinagbabawal** ito sa relihiyong Islam. Nagiging hamon ang pagsasayaw ng mga mag-aaral na Muslim dahil ito ay pinagbabawal sa ilang relihiyosong paniniwala at kaugalian. Ayon sa kanilang pananampalataya, ang pagsasayaw ay maaaring ituring na hindi naaayon sa mga prinsipyong moral at etikal. Pinaniniwalaan ng ilan na ang pagsasayaw ay maaaring magdulot ng tukso at hindi angkop na pag-uugali. Dahil dito, ang mga mag-aaral na Muslim ay nahihirapang makilahok sa mga aktibidad na may kaugnayan sa sayaw, tulad ng mga programa sa paaralan o mga kompetisyon. Ang paggalang sa mga tradisyon at batas ng kanilang relihiyon ay nagiging pangunahing dahilan ng pagbabawal na ito.

Ang pag-aaral nina Aljayyousi et al. (2019) ay sumasang-ayon sa resultang ito. tinalakay niya ang mga isyu sa pagitan ng tradisyonal na pananaw ng Islam at ang modernong praktis ng pagsasayaw. Ayon sa kanyang mga natuklasan, maraming Muslim na komunidad ang nagbabawal sa pagsasayaw dahil sa kanilang interpretasyon ng *Shariah law* na nagsasabing ang pagsasayaw ay maaaring magdulot ng imoralidad. Gayunpaman, ang pag-aaral ay nagpapakita rin na may mga Muslim na bansa at komunidad na nag-aalok ng mga pagkakataon sa pagsasayaw na kinikilala ang kahalagahan nito sa kultura at kalusugan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Dahil sa pagiging kabilang na asignatura, di maiwasang mabalisa ng mga mag-aaral na muslim kung paano tugunin ang mga proyektong mayroong sayaw, kagaya ng pag-aaral ni Senarath at Liyanage (2020). Ang kanilang pag-aaral ay tumatalakay sa mga hamon na kinakaharap ng mga Muslim na kababaihan sa pagsali sa pisikal na edukasyon, partikular sa pagsasayaw. Batay sa mga nakalap na impormasyon, maraming Muslim na kababaihan ang humaharap sa mga balakid na may kaugnayan sa kultura at relihiyon na pumipigil sa kanila na makapagsayaw. Ang mga ito ay kadalasang nagmula sa mga tradisyonal na pananaw na ang pagsasayaw ay hindi angkop para sa mga kababaihan, lalo na kung ito'y nagsasangkot ng halos na paggalaw ng katawan. Ang pag-aaral na ito ay nagpapakita ng pangangailangan ng mas mataas na antas ng sensitibidad at edukasyon sa mga paaralan upang mapagtagumpayan ang mga hadlang na ito.

Isa rin sa mga naging karanasan ng mga mag-aaral na Muslim ang **pagkakaroon ng tunay na mga kaibigan sa nirerespeto ang paniniwala**. Ang pagkakaroon ng mga mag-aaral na Muslim ng tunay na mga kaibigan na nirerespeto ang kanilang paniniwala ay isang mahalagang aspeto ng kanilang buhay sa paaralan. Ang mga kaibigang ito ay nagpapakita ng pag-unawa at suporta sa mga relihiyosong gawain at kasuotan ng mga Muslim na mag-aaral. Sa pamamagitan ng ganitong klase ng pagkakaibigan, mas nagiging komportable ang mga Muslim na mag-aaral na ipahayag ang kanilang pananampalataya. Ang respeto at paggalang mula sa mga kaibigan ay nakakatulong upang mabawasan ang kanilang pakiramdam ng pag-iisa at diskriminasyon. Sa huli, ang pagkakaroon ng tunay na kaibigan na nirerespeto ang kanilang paniniwala ay nagiging susi sa kanilang masayang karanasan sa paaralan.

Sang-ayon sa resultang ito ang pag-aaral nina Rafie and Gossai (2024) na nagbigay-diin sa mga dinamika ng pagkakaibigan sa mga kabataang Muslim sa mga multicultural na lugar o kapaligiran. Ipinakita ng pag-aaral na ang pagkakaroon ng mga kaibigang nagtataguyod ng kanilang mga paniniwala ay nagpapalakas ng kanilang kumpiyansa at nagbubukas ng mga oportunidad para sa mas malalim na interkultural na pag-unawa. Ang mga estudyante na may tunay na mga kaibigan ay mas nagiging matagumpay sa pagharap sa mga hamon ng pagkakaiba-iba ng kultura.

Sumasang-ayon din dito ang pag-aaral nina Latipah et al. (2020) na tumalakay sa papel ng suporta mula sa kapwa sa tagumpay sa pag-aaral ng mga estudyanteng Muslim. Lumabas sa kanilang pag-aaral na ang mga estudyanteng may mga kaibigan na gumagalang sa kanilang paniniwala ay mas nagiging mahusay sa pag-aaral at mas kuntento sa kanilang sarili. Binigyang-diin ng pag-aaral ang kahalagahan ng pagkakaroon ng mga taong sumusuporta upang makabuo ng matatag na mga estudyanteng kayang harapin ang mga pagsubok sa buhay.

Ang ikalimang tema na natuklasan patungkol sa karanasan ng mga mag-aaral na Muslim ay **nakakadama ng kahinaan ng loob sa pakikisama sa ibang mag-aaral.** Nakakadama ng kahinaan ng loob ang mga mag-aaral na Muslim sa pakikisama sa ibang mag-aaral dahil sa iba't ibang kadahilanan. Una, maaaring silang makaranas ng diskriminasyon o pangungutya dahil sa kanilang relihiyosong kasuotan at kaugalian. Ang ganitong mga karanasan ay nagdudulot ng takot at pag-aalinlangan sa kanilang pakikisalamuha. Pangalawa, ang pagkakaiba sa kultura at pananampalataya ay maaaring magdulot ng hindi pagkakaintindihan at pagkakahiwalay. Dahil dito, nagiging mahirap para sa mga Muslim na mag-aaral na magbuo ng matibay na koneksyon at tiwala sa kanilang mga kaklase.

Parehong resulta ang makikita sa pag-aaral nina Tineo et al. (2021), Ang mga resulta sa kanilang pag-aaral ay nagpapakita ng makabuluhang epekto ng diskriminasyon sa depresyon at pagkabalisa sa mga estudyanteng Muslim sa kolehiyo. Ang mga estudyante na nakakaranas ng diskriminasyon ay nakaramdam ng mas mataas na antas ng stress na dulot ng pagsasama ng kanilang kultura sa dominanteng kultura, na nagdulot ng depresyon at pagkabalisa. Ipinapahiwatig nito na ang mga estudyanteng Muslim ay nakakadama ng kahinaan ng loob sa pakikisama sa ibang mag-aaral dahil sa diskriminasyon at stress na dulot ng pagsasama ng kultura, ngunit ang suporta mula sa relihiyon ay maaaring makatulong upang mabawasan ang epekto nito.

Sang-ayon din sa resulta ang pag-aaral nina Mapstone at Islam (2021), kung saan tinalakay nila ang mga hamong kinakaharap ng mga estudyanteng Muslim sa mga lugar na hindi Muslim ang karamihan. Lumabas sa pag-aaral na ang pagkakaiba sa kultura at ang takot na hindi sila tanggapin ng kanilang mga kamag-aral ay nagdudulot ng pakiramdam ng pagiging mag-isa at kawalan ng kapanatagan. Madalas ding nahihirapan ang mga estudyanteng Muslim na makihalubilo dahil sa takot na sila ay husgahan o hindi maintindihan.

Pamamaraan na Ginagamit ng mga Mag-aaral na Muslim sa Pagharap sa mga Hamon na Kanilang Kinaharap. Sa bahaging ito, nilalayon na mabibigyang tugon ang kataning kung ano ang mga pamamaraan na ginamit ng mga mag-aaral na Muslim sa hamon na kanilang kinaharap sa loob ng isang lokal na Kolehiyo. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa kanilang mga tugon, ang pananaliksik ay naglalayong magbigay liwanag sa potensyal na hadlang, estratehiya, at implikasyon para sa pag-aaral ng mga mag-aaral na Muslim.

Isiniwalat ng unang tema na sa tuwing ang mga mag-aaral na Muslim ay nakakaranas ng hamon, isa sa kanilang pamaraang ginagamit ay ang **hindi pagbibigay-pansin sa mga negatibong komento ng ibang tao sa paligid**. Ang hindi pagbibigay-pansin sa mga negatibong komento ng ibang tao laban sa mga mag-aaral na Muslim ay isang mahalagang aspeto ng kanilang kaligtasan sa emosyonal at mental. Sa pamamagitan ng pagwawalang-bahala sa mga hindi kanais-nais na opinyon, nagiging mas matatag ang kanilang loob at tiwala sa sarili. Nakakatulong ito upang hindi sila maapektuhan ng mga panlalait o pangungutya na maaaring makaapekto sa kanilang pag-aaral at pang-araw-araw na buhay. Ang pagtuon sa kanilang mga layunin at positibong aspeto ng kanilang pagkatao ay nagbibigay-daan para magtagumpay sila sa kabila ng mga negatibong komento. Sa huli, ang hindi pagbibigay-pansin sa mga ganitong komento ay nagpapakita ng kanilang lakas at

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

determinasyon na hindi magpapaapekto sa mga negatibong impluwensya.

Parehong pamamaraan ang ginagamit ng mga estudyanteng nasa sekondarya base sa pag-aaral na isinagawa ni Ayish (2006), tinalakay niya ang mga paraan kung paano hinaharap ng mga Muslim na estudyante ang mga negatibong *stereotype* at komento. Ipinakita ng pag-aaral na ang mga estudyante na may matibay na suporta mula sa pamilya at komunidad ay mas epektibo sa hindi pagbibigay pansin sa mga negatibong komento. Ang pagtutok nila sa tagumpay sa pag-aaral at sa mga personal na layunin ang nagsisilbing panangga laban sa mga negatibong puna mula sa kanilang paligid.

Sang-ayon din dito ang pag-aaral nina Zena et al. (2009), na nagsiyasat sa responde ng mga Muslim na estudyante sa kolehiyo laban sa *stereotyping* at diskriminasyon na kanilang naranasan. Ipinakita sa pag-aaral na ang pagkakaroon ng positibong pagkakakilanlan bilang isang Muslim at ang aktibong pakikilahok sa mga organisasyong pang-estudyante ng Muslim ay epektibong paraan upang hindi maapektuhan ng mga negatibong komento. Ginagamit ng mga estudyanteng ito ang kanilang mga karanasan upang hikayatin ang pag-unawa at respeto sa pagitan nila at ng kanilang mga kamag-aral.

Ang ikalawang pamamaraan na ginagamit ng mag-aaral na Muslim ay ang **pagdarasal kay Allah (Diyos)**. Ang paghingi ng gabay sa magulang at pagdarasal kay Allah (Diyos) ay mahalagang bahagi ng buhay ng mga mag-aaral na Muslim. Ang kanilang mga magulang ay nagbibigay ng payo at suporta na nagmumula sa karanasan at pananampalataya, na tumutulong sa kanila na malampasan ang mga hamon. Sa pamamagitan ng pagdarasal kay Allah, nakakapaglabas sila ng kanilang mga alalahanin at nakahahanap ng kapayapaan at lakas. Ang espiritwal na aspeto ng pagdarasal ay nagbibigay ng inspirasyon at pag-asa sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Sa tulong ng gabay ng magulang at pagdarasal, nagiging mas matatag at handa silang harapin ang anumang pagsubok sa kanilang pag-aaral.

Dalawa sa mga kalahok sa sa pag-aaral nina Bergen et al. (2021) ang nagsabing sila ay lumalapit sa kanilang pamilya upang humanap ng suporta sa tuwing sila ay nakakaranas ng diskriminasyon. tinalakay niya ang papel ng suporta ng pamilya sa buhay ng mga Muslim na estudyante na nakakaranas ng diskriminasyon. Ipinakita ng pag-aaral na ang mga estudyanteng may matibay na suporta mula sa kanilang pamilya ay mas hindi naaapektuhan ng mga negatibong komento. Ang kanilang pamilya ang nagsisilbing pinagmumulan ng lakas ng loob at tiwala sa sarili, na tumutulong sa kanila na huwag maapektuhan ng mga kritisismo Maliban diyan, sang-ayon din ang pag-aaral nina Abu-Hilal (2017) sa resultang ito, ang kanilang pag-aaral ay nagsusuri kung paano ginagamit ng mga Muslim na estudyante ang kanilang pananampalataya bilang isang *resource* sa kanilang akademikong buhay. Ang mga kalahok ay nagbigay ng mga detalye kung paano ang kanilang mga paniniwala at espiritwal na pagsasanay ay nagbibigay sa kanila ng kapangyarihan upang malampasan ang mga hadlang at *stressors* sa kolehiyo. Ipinapakita ng pag-aaral na ang pananampalataya ay nagbibigay ng layunin at direksyon sa buhay, na mahalaga sa pagharap sa mga hamon sa pag-aaral.

Ang ikatlong tema ay **pagtitiwala sa sarili o sa sariling kakayahan.** Ang pagtitiwala sa sarili o sa sariling kakayahan ng mga mag-aaral na Muslim ay isang mahalagang aspeto ng kanilang tagumpay sa pag-aaral at buhay. Ang pagkakaroon ng tiwala sa sariling kakayahan ay nagbibigay sa kanila ng lakas at determinasyon upang harapin ang mga hamon at pagsubok. Sa kabila ng mga pangungutya o diskriminasyon, ang pagtitiwala sa sarili ay nagtutulak sa kanila na ipakita ang kanilang potensyal at hindi magpatalo sa mga negatibong karanasan. Ang pagkakaroon ng tiwala sa sarili ay nagbubukas ng mga oportunidad para sa personal na pag-unlad at propesyonal na pag-abante. Ang solidong tiwala sa kanilang sariling kakayahan ay nagbibigay sa kanila ng mas mataas na kumpiyansa sa kanilang mga desisyon at aksyon sa araw-araw.

Sumang-ayon dito ang pananaliksik nina Mutaqin et al. (2021), na nagsuri sa mga karanasan ng mga estudyanteng Muslim sa pagbuo ng tiwala sa sarili at katatagan sa pag-aaral. Natuklasan na ang mga estudyanteng may mataas na self-efficacy ay mas matagumpay sa pagharap sa mga hamon sa kanilang pag-aaral. Ipinakita ng resulta na ang kanilang paniniwala sa sarili ay nakatutulong upang mapanatili ang kanilang motibasyon, ipagpatuloy ang pag-aaral sa kabila ng mga pagsubok, at magtagumpay sa larangan ng akademiko.

Ang resulta ay kaya ring suportahan ng pag-aaral nina Azizi et al. (2024) na tumutok sa ugnayan ng *self-concept* at *self-confidence* sa mga estudyanteng nakatala sa programang ito. Gumamit ito ng parehong kwantitatibong pamamaraan upang masuri ang *self-concept*, o pananaw sa sarili, at *self-confidence*, o tiwala sa sariling kakayahan, ng mga estudyante. Natuklasan ng pag-aaral na ang mas positibong pananaw sa sarili ay may direktang kaugnayan sa mataas na antas ng *self-confidence*. Ang mga estudyanteng may mataas na kumpiyansa sa sarili ay nagpakita ng mas mahusay na pagganap sa pag-aaral, na nagpapahiwatig na ang kanilang tiwala sa sarili ay may malaking papel sa kanilang akademikong tagumpay. Iminungkahi ng pag-aaral ang paggamit ng mga interbensyon tulad ng *counseling* at mga programang nagpapalaganap ng *self-awareness* upang mapabuti ang pananaw sa sarili at, kalaunan, ang kumpiyansa ng mga estudyante.

Ang ikaapat na tema naman ay **ginawang motibasyon ang makapagtapos ng pag-aaral at makatulong sa magulang**. Ginawang motibasyon ng mga mag-aaral na Muslim ang makapagtapos ng pag-aaral at makatulong sa magulang upang makamit ang kanilang mga pangarap at responsibilidad. Para sa kanila, ang pagtatapos ng pag-aaral ay hindi lamang personal na tagumpay kundi isang paraan din upang maipakita ang kanilang pagpapahalaga at pagmamahal sa kanilang pamilya. Ang pangarap na makatulong sa magulang ay nagiging pangunahing inspirasyon upang mag-aral ng mabuti at magsikap sa kanilang mga pagsusumikap. Ang kanilang determinasyon na maging matagumpay ay nagpapalakas ng kanilang resolusyon sa kabila ng mga pagsubok at paghihirap.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Konektado ang resulta sa pag-aaral ni Haitova (2023) na tumutok sa mga karanasan ng mga babaeng Muslim na *international graduate students* na may mga anak sa Estados Unidos. Sinusuri ng pag-aaral ang mga paraan ng mga estudyante sa pag-manage ng kanilang mga responsibilidad sa pag-aaral at buhay-pamilya. Natuklasan na ang pangunahing motibasyon nila ay ang pangako na maitaguyod ang kanilang pamilya habang tinatupad ang kanilang mga layunin sa pag-aaral. Ipinapakita ng kanilang karanasan na ang pagtulong sa pamilya at ang pagkakaroon ng mga anak ay nagiging dagdag na inspirasyon at lakas upang magtagumpay, kahit na mahirap balansehin ang iba't ibang tungkulin. Ipinapakita rin ng pag-aaral na ang malalim na personal na motibasyon, na nagmumula sa kanilang dedikasyon sa pamilya, ay pangunahing puwersa sa kanilang tagumpay sa akademya.

Maliban diyan, konektado rin ang resulta sa pananaliksik ni Supriyadi (2024) na naglalayong tuklasin ang papel ng *academic motivation* bilang tagapamagitan sa pagitan ng *social support* at *achievement orientation* ng mga estudyanteng Muslim sa *Indonesia*. Sinusuri ng pag-aaral kung paano nakakaapekto ang suporta mula sa pamilya, guro, at komunidad sa motibasyon ng mga estudyante sa pag-aaral, na sa huli ay nagpapalakas ng kanilang hangaring magtagumpay. Natuklasan na ang matibay na suporta mula sa mga tao sa paligid ay positibong nakakatulong sa kanilang motibasyon, nagbibigay lakas ng loob at inspirasyon upang maabot ang mataas na layunin sa akademya. Bilang mahalagang salik, pinalalakas ng motibasyon ang kanilang dedikasyon sa pag-aaral at tumutulong sa pagtupad ng kanilang mga pangarap sa akademiko.

Mithiin at Pananaw ng mga Mag-aaral na Muslim sa Loob ng Isang Lokal na Kolehiyo. Ang tanong sa pananaliksik na ito ay naglalayong tuklasin ang mga mithiin at pananaw nga mga mag-aaral na Muslim sa loob ng isang Lokal na Kolehiyo. Napagtanto ng mga kalahok na mahalaga ang **pagkakaroon ng positibong pananaw sa buhay**. Ang pagkakaroon ng positibong pananaw sa buhay ng mga mag-aaral na Muslim ay nakakatulong sa kanila na mapanatili ang magandang kalagayan ng kaisipan at emosyon kahit sa panahon ng pagsubok. Ang kanilang positibong pananaw ay nag-uudyok sa kanila na makita ang mga pagkakataon sa halip na ang mga hadlang, na nagiging daan sa kanilang pag-unlad at tagumpay. Sa pamamagitan ng pagpapahalaga sa mga positibong aspeto ng kanilang buhay, nagiging mas matatag sila sa pagharap sa mga hamon at problema. Ang positibong pananaw din ay tumutulong sa kanila na magtaguyod ng magandang relasyon sa kanilang mga kaklase at guro, na nagiging sanhi ng mas maayos at masayang kapaligiran sa paaralan. Ang pagkakaroon ng positibong pananaw ay nagbibigay ng inspirasyon sa kanila na magpatuloy sa kanilang mga layunin at gawain nang may pag-asa at kasiyahan.

Konektado ito sa pag-aaral ni Albattah (2022) na sinusuri kung paano nakakaapekto ang *dispositional optimism* at relihiyosong pananampalataya sa kalusugang pangkaisipan at pangkatawan ng mga estudyanteng Saudi na nag-aaral sa Estados Unidos. Ipinakita ng pag-aaral na ang mga estudyanteng may mataas na antas ng *dispositional optimism* at malalim na pananampalatayang relihiyoso ay nagkaroon ng mas positibong pananaw sa buhay, na nagdulot ng mas mabuting kalusugan sa isip at katawan. Ang positibong pananaw at matibay na relihiyosidad ay nagbibigay sa kanila ng lakas ng loob at mga paraan upang harapin ang stress at mga hamon ng pag-aaral sa ibang bansa. Pinatunayan ng pag-aaral na ang ganitong positibong pananaw at relihiyosidad ay mahalaga sa pangkalahatang kalusugan at kagalingan ng mga estudyanteng Muslim, na tumutulong sa kanilang tagumpay sa akademiko.

Ang ikalawang tema ay ang **pagiging bukas ang kaisipan patungkol sa relihiyong Islam**. Ang pagiging bukas ang kaisipan patungkol sa relihiyong Islam ay nangangahulugang pagkakaroon ng paggalang at pag-unawa sa mga paniniwala at gawi ng mga Muslim. Ito ay nagbibigay daan para sa mas maayos na komunikasyon at relasyon sa pagitan ng mga tao na may iba't ibang pananampalataya. Ang pagiging bukas na kaisipan ay nakakatulong upang mapanatili ang pagrespeto sa kanilang mga ritwal, kasanayan, at paniniwala. Sa ganitong paraan, mas nagiging maayos ang pakikisalamuha at pagtanggap sa mga Muslim sa kanilang komunidad.

Sang-ayon sa resultang ito ang pag-aaral ni Barnas (2022), na gumamit ng *qualitative research methods* upang tuklasin kung paano ang pagiging bukas ang kaisipan patungkol sa relihiyong Islam ay nakakatulong sa mga estudyante sa kanilang pakikilahok sa *interfaith dialogues*. Natuklasan ng pag-aaral na ang mga estudyanteng bukas ang isip tungkol sa kanilang relihiyon ay mas nagiging matagumpay sa pagbuo ng mababuting relasyon sa mga taong may iba't ibang pananampalataya. Dahil sa kanilang pagiging bukas, mas nauunawaan at nirerespeto nila ang ibang mga relihiyon, kaya nagiging mas maganda at epektibo ang kanilang pakikipag-ugnayan sa mga ito. Binibigyang-diin ng pag-aaral kung gaano kahalaga ang pagiging bukas ang isipan para mapalakas ang pagkakaunawaan at pagtutulungan sa pagitan ng mga relihiyon. Konektado rin ito sa pag-aaral nina Hussein et al. (2017) na gumamit ng *survey* at panayam para malaman kung paano nakakatulong ang mga turo ng Islam na nagtuturo ng pagiging bukas sa isipan sa pakikisama ng mga estudyanteng Muslim. Ipinakita ng resulta na ang mga estudyanteng may bukas na pag-iisip ay mas madaling nakakasama at nakakapag-ugnayan sa kanilang mga kaklase at komunidad. Dahil sa pagiging bukas nila sa iba't ibang pananaw, nagiging mas madali para sa kanila ang makibagay at magtagumpay sa iba't ibang grupo ng tao, kaya mas lumalakas ang kanilang pakikisama.

Ang ikatlong tema ay ang **pagkakaroon ng ibang pananampalataya ay hindi hadlang sa pag-aaral.** Ang pagkakaroon ng ibang pananampalataya ay hindi hadlang sa pag-aaral dahil ang edukasyon ay nagbibigay ng oportunidad para sa personal at propesyonal na pag-unlad sa kabila ng mga relihiyosong pagkakaiba. Ang pagkakaiba sa pananampalataya ay hindi dapat maging balakid sa pag-abot ng mga layunin sa akademya, kundi isang pagkakataon upang mas mapalalim ang pag-unawa sa iba't ibang kultura at pananaw. Ang mga mag-aaral mula sa iba't ibang relihiyon ay maaaring magtagumpay sa kanilang pag-aaral sa pamamagitan ng pagtutulungan at paggalang sa bawat isa. Sa ganitong paraan, ang pagkakaroon

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

ng iba't ibang pananampalataya ay nagiging bahagi ng isang mas inklusibong at masiglang kapaligiran sa paaralan.

Ang resulta ay pareho sa pag-aaral ni Goodman (2023) na sinuri ang epekto ng *religious diversity* sa *learning environments* sa mga institusyon ng edukasyon. Natuklasan ng pag-aaral na ang pagkakaroon ng iba't ibang relihiyon sa isang silid-aralan ay nagdulot ng mas malawak na pananaw at mas makabuluhang talakayan, na tumulong sa mas mataas na tagumpay sa pag-aaral. Ang mga estudyanteng nakikipag-ugnayan sa mga kaklase mula sa iba't ibang pananampalataya ay mas nagkaintindihan at mas epektibong nakikipagtulungan. Ipinapakita ng pag-aaral na ang pagkakaiba-iba ng relihiyon ay hindi hadlang kundi isang magandang pagkakataon para mapalawak ang mga oportunidad sa pagkatuto at makamit ang mas magagandang resulta sa akademya.

Bukod pa rito, ipinakita rin sa pag-aaral nina Li at Murphy (2018) na ang mga estudyanteng aktibong nakikilahok sa mga interfaith na talakayan at gawain ay mas mataas ang marka sa pag-aaral. Dahil sa kanilang pakikisalamuha sa iba't ibang pananaw, mas lumalim ang kanilang pag-unawa at gumanda ang kanilang kakayahan sa kritikal na pag-iisip, na nakaapekto nang positibo sa kanilang tagumpay sa akademya. Ipinapakita ng pag-aaral na ang pagkakaiba-iba ng relihiyon sa isang lugar ng pag-aaral ay nagpapalago ng kaalaman at hindi balakid sa pagkatuto.

Ang ikaapat at panghuling tema ay ang **pagkakaroon ng oportunidad na mapabilang sa ibang grupo**. Ang pagkakaroon ng oportunidad na mapabilang sa ibang grupo ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na palawakin ang kanilang mga kaalaman at karanasan. Sa pamamagitan ng pakikilahok sa iba't ibang grupo, natututo silang makipag-ugnayan at makipagtulungan sa mga taong may iba't ibang pinagmulan at interes. Ito ay nakakatulong sa pagbuo ng mas malalim na pag-unawa at paggalang sa mga pagkakaiba ng bawat isa. Sa huli, ang pagiging bahagi ng iba't ibang grupo ay nagpapalakas ng kanilang kakayahan sa pakikisalamuha at pakikibagay sa iba't ibang sitwasyon.

Sang-ayon dito ang pag-aaral nina Taff at Clifton (2022) na nagpakita na ang mga estudyanteng kasali sa iba't ibang student groups ay mas naramdaman ang pagiging kabilang at nagkaroon ng mas maganda at positibong karanasan sa kolehiyo. Dahil sa kanilang pakikilahok sa mga grupo, nagkaroon sila ng pagkakataong makabuo ng bagong pagkakaibigan, mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pamumuno, at makakuha ng suporta para sa kanilang pag-aaral at personal na buhay. Ipinapakita ng pag-aaral na mahalaga ang pagsali sa mga grupong ito para mapabuti ang kabuuang karanasan ng mga estudyante sa kolehiyo.

Dagdag pa rito, sang-ayon din ang pag-aaral nina Wagner at Locks (2019) na gumamit ng *case studies* para tuklasin kung paano nakakatulong ang mga *student organizations* sa pagpapalaganap ng pagkakaiba-iba at pagtanggap sa lahat. Ipinakita ng resulta na ang mga student organizations ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga estudyanteng galing sa iba't ibang pinagmulan na magtulungan at magbahagi ng kanilang mga karanasan. Dahil sa kanilang pakikilahok sa mga organisasyong ito, naipapakita ang respeto at pag-unawa sa isa't isa, na nagdudulot ng mas bukas at pagtanggap na kapaligiran sa campus.

Implikasyon sa Kasanayang Pagtuturo

Ang mga natuklasang karanasan ng mga mag-aaral na Muslim ay nagpapahiwatig ng isang mahalagang paalala para sa atin bilang mga tagapagturo—na ang silid-aralan ay hindi lamang lugar ng kaalaman, kundi tahanan ng pag-unawa, paggalang, at pagtanggap. Sa bawat estudyanteng tahimik na nahihirapang makisabay, sa bawat tingin na nagpaparamdam ng pagiging "iba," naroon ang panawagan para sa isang mas makatao at maalagaing paraan ng pagtuturo.

Isinusulong ng pananaliksik na ito ang mas bukas at maunawaing pananaw sa pagtuturo, na kinikilala ang pagkakaiba-iba ng relihiyon at kultura sa loob ng silid-aralan. Subalit upang higit na maging kapaki-pakinabang sa mga institusyong pang-edukasyon, mahalagang tukuyin ang konkretong hakbang na maaaring isagawa. Halimbawa, bukod sa mungkahing seminar o orientation, maaaring ipatupad ang *curricular adjustments* gaya ng pagsasama ng *religious and cultural inclusion modules* sa mga subject gaya ng Social Studies o Values Education. Ang pagbuo ng mga training modules para sa mga guro na nakatuon sa religious sensitivity ay maaari ring iintegrate sa in-service trainings ng mga lokal na paaralan o unibersidad.

Maaaring hikayatin ang Commission on Higher Education (CHED) na magtakda ng malinaw na polisiya na magbibigay proteksyon sa mga estudyante batay sa kanilang relihiyon. Halimbawa, kapag may aktibidad na taliwas sa paniniwala ng isang estudyante gaya ng pagsasayaw, dapat itong tugunan sa pamamagitan ng alternatibong output na kapareho ang bigat sa grado. Sa ganitong paraan, maipagtatanggol ang karapatan ng bawat mag-aaral habang pinananatili ang integridad ng kurikulum.

Dagdag pa rito, inirerekomenda ang pagsasagawa ng mga *cultural awareness programs* gaya ng *open forums, interfaith dialogue, at student-led awareness campaigns*. Ang mga programang ito ay hindi lamang makapagpapaliwanag sa mga paniniwala ng minoridad kundi makatutulong din sa pagbawas ng stereotypes sa loob ng campus. Makatutulong ito upang mapalalim ang respeto at pang-unawa ng buong komunidad pang-edukasyon.

Sa mas mababang antas ng edukasyon, maaaring isama ang mga temang ito sa mga proyekto, babasahin, o aktibidad na nagpapalalim ng empatiya. Mainam na gamitin ang *inclusive syllabus design* na nagsusulong ng pantay-pantay na representasyon ng iba't ibang kultura at paniniwala. Sa ganitong paraan, ang mga mag-aaral ay lumalaki nang may bukas na kaisipan at mas handang makisalamuha sa mundong may iba't ibang pananaw.

Sa huli, ang pananaliksik na ito ay nagsisilbing panawagan sa sistematikong pagbabag**o**—mula sa paggawa ng patakaran hanggang sa mismong pagtuturo. Sa pakikipagtulungan ng mga

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

guro, administrador, magulang, at ahensya tulad ng CHED, posibleng makamit ang isang edukasyong may saysay hindi lamang sa talino, kundi sa pag-unawa at paggalang sa pagkakaiba.

Implikasyon sa Susunod na Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay nagbukas ng espasyo para marinig ang boses ng mga mag-aaral na Muslim sa isang lokal na kolehiyo. Gayunpaman, limitado ang saklaw ng pananaliksik sa isang institusyon lamang, kaya't kinakailangang tugunan ang limitasyong ito sa mga susunod na pag-aaral. Maaari ring kilalanin ang posibleng bias ng mananaliksik, lalo na sa interpretasyon ng mga datos, upang mapanatili ang pagiging makatarungan at balanse ng resulta.

Sa mga susunod na pananaliksik, mainam na isama ang pananaw ng mga guro, administrador, at mga opisyal ng paaralan upang makabuo ng mas kumpletong larawan ng kung paano isinasabuhay ang *religious inclusivity*. Mahalaga ring masuri kung anong aktwal na suporta ang ibinibigay ng mga institusyon at kung ito ay tumutugon sa partikular na pangangailangan ng mga minoridad na estudyante.

Makababuti rin ang mga pananaliksik na sumusuri sa epekto ng kakulangan sa kaalaman tungkol sa interkultural na pagkakaiba. Halimbawa, paano nakaaapekto ang kawalan ng sensitibidad ng ilang guro sa mga aktibidad gaya ng pagsayaw o pagsuot ng uniporme sa mga estudyanteng may partikular na paniniwala? Makatutulong ito sa paggawa ng mas sensitibo at inklusibong polisiya para sa mga paaralan.
Isang mahalagang mungkahi ay ang pagsasagawa ng *longitudinal studies* upang matunton ang pagbabago sa karanasan ng mga estudyante sa paglipas ng panahon. Maaari ring gumawa ng *comparative studies* sa iba't ibang rehiyon o uri ng paaralan (pribado, pampubliko, sekular, at relihiyoso) upang maikumpara ang karanasan ng mga Muslim na mag-aaral sa mas malawak na konteksto.

Bukod sa pananampalataya, maaaring palawakin ang saklaw ng susunod na pananaliksik upang isama ang iba pang aspeto ng pagkakakilanlan gaya ng etnisidad, kasarian, o sosyo-ekonomikong estado. Sa ganitong paraan, mas mauunawaan kung paanong ang iba't ibang aspeto ng pagkatao ay nagsasalikop sa karanasan ng isang mag-aaral.

Sa kabuuan, ang pananaliksik ay hindi lamang dapat magtapos sa dokumentasyon ng karanasan. Ito ay panawagan para sa patuloy na aksyon at pagbubukas ng espasyo sa mga tinig na madalas ay di naririnig. Sa mas masaklaw, mas maingat, at mas makataong pananaliksik, mas magiging handa tayong baguhin ang sistema ng edukasyon tungo sa pagiging tunay na inklusibo at makatarungan para sa lahat.

Panapos na Pahayag

Sa pagtatapos ng pananaliksik na ito, muling pinagtibay ang kahalagahan ng pagkakaroon ng espasyong bukas sa lahat—isang silid-aralan na hindi lamang nagtuturo ng aralin kundi tumatanggap at nagpapahalaga sa bawat pagkakaiba. Sa pamamagitan ng mga salaysay ng mga mag-aaral na Muslim, ating naunawaan na sa likod ng tahimik na ngiti at pakikisama ay may mga hamon silang kinikimkim—mga hamong hindi laging nakikita, ngunit tunay na nararamdaman.

Ang kanilang mga karanasan ay paalala sa atin na ang edukasyon ay hindi dapat limitado sa mga aklat at pagsusulit. Ito ay dapat sumasalamin sa buhay, sa dignidad, at sa pagkatao ng bawat mag-aaral. Sa pagtanggap at pagrespeto sa kanilang paniniwala, mas nagiging makabuluhan ang pagkatuto—hindi lamang para sa kanila kundi para sa buong pamayanan ng paaralan.

Nawa'y ang pag-aaral na ito ay maging maliit na hakbang patungo sa mas inklusibong sistema ng edukasyon, kung saan ang bawat mag-aaral—anumang relihiyon, kultura, o pinagmulan—ay mararamdamang sila ay kabilang, ligtas, at mahalaga. Sa huli, ang tunay na tagumpay ng edukasyon ay hindi lamang nasusukat sa kung ano ang natutunan, kundi sa kung paanong ang bawat isa ay natutong rumespeto, magmahal, at umunawa.

TALASANGGUNIAN

1. *Abo-Zena, M. M., Sahli, B., & Tobias-Nahi, C. S. (2009). Testing the courage of their convictions: Muslim youth respond to stereotyping, hostility, and discrimination. In Muslim voices in school (pp. 1-26). Brill.*
2. *Abu-Hilal, M., Al-Bahrani, M., & Al-Zedjali, M. (2017). Can religiosity boost meaning in life and suppress stress for Muslim college students?. Mental Health, Religion & Culture, 20(3), 203-216.*
3. *Albattah, M. A. (2022). The Relationship of Dispositional Optimism and Religiosity to Mental and Physical Health in Saudi Arabian Students Studying in the United States (Master's thesis, Barry University).*
4. *Aljayyousi, G. F., Abu Munshar, M., Al-Salim, F., & Osman, E. R. (2019). Addressing context to understand physical activity among Muslim university students: the role of gender, family, and culture. BMC Public Health, 19, 1-12. https://link.springer.com/article/10.1186/s12889-019-7670-8*
5. *Ang, C. K., Embi, M. A., & Yunus, M. M. (2016). Enhancing the quality of the findings of a longitudinal case study: Reviewing trustworthiness via ATLAS. ti. The Qualitative Report, 21(10), 1855-1867. https://nsuworks.nova.edu/cgi/viewcontent.cgi?article=2480&context=tqr*
6. *Anney, V. N. (2014). Ensuring the quality of the findings of qualitative research: Looking at trustworthiness criteria. Journal of emerging trends in educational research and policy studies (jeteraps), 5(2), 272-281. https://www.scholarlinkinstitute.org/jeteraps/articles/Ensuring%20The%20Quality%20Of%20The%20Findings%20new.pdf*
7. *Arifin, S. R. M. (2018). Ethical considerations in qualitative study. International journal of care scholars, 1(2), 30-33. https://doi.org/10.31436/ijcs.v1i2.82*
8. *Auriacombe, C., & Mouton, J. (2007). Qualitative field research. Journal of public administration, 42(6), 441-457. https://hdl.handle.net/10520/EJC51566*
9. *Ayish, N. (2006). Stereotypes, Popular Culture, and School Curricula: How Arab American Muslim High School Students Perceive and Cope with Being the'Other'. Arabs in*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

the Americas: Interdisciplinary Essays on the Arab Diaspora, 79-116.

10. *Azizi, K., Shittu, S. A., & Fawwaz, A. G. (2024). The Relationship between Self-Concept and Self-Confidence in Islamic Religious Education Study Program Students. Jurnal Pendidikan Agama Islam Indonesia (JPAII), 5(2), 50-55.*
11. *Bakali, N., & Soubani, N. (2021). Hijab, gendered Islamophobia, and the lived experiences of Muslim women. Yaqeen Institute for Islamic Research. https://yaqeeninstitute.org/read/paper/v1/hijab-gendered-islamophobia-and-the-lived-experiences-of-muslim-women*
12. *Barihasion, A. B., Donque, G. M., Mediana, N. L., Tantog, A. J., & Cerdiña, R. (2023). Exploring the unseen: Muslim students' journeys in Catholic religious education classes. Millah: Journal of Religious Studies, 465-496. https://journal.uii.ac.id/Millah/article/view/29867*
13. *Barnas, T. J. (2022). The Effectiveness of Interfaith Dialogue in Countering Religious Intolerance: A Phenomenological Study of Interfaith Youth Program Alumni. New Jersey City University.*
14. *Begley, C., & Watson, R. (2008). Approaches to research. Nursing Research: designs and methods, 13-21. https://books.google.com.ph/books?hl=en&lr=&id=faBRloLF3vkC&oi=fnd&pg=PA13&dq=begley+2004+interpretation+of+data&ots=UrUyv64iWb&sig=G75iGzkK6Mh4pfp_2B-iFoOIQLg&redir_esc=y#v=onepage&q&f=false*
15. *Bernal, P. (2014). Internet privacy rights: rights to protect autonomy (No. 24). Cambridge University Press. https://books.google.com.ph/books?hl=en&lr=&id=0TI4AwAAQBAJ&oi=fnd&pg=PR9&dq=bernal+2014+confidentiality+of+data+collected&ots=cFq9WnMhtW&sig=pyFEBR4InyKSIBTtwZ5UtZy9ufc&redir_esc=y#v=onepage&q=bernal%202014%20confidentiality%20of%20data%20collected&f=false*
16. *Bogdan R., Biklen S. (1982). Qualitative research for education: An introduction to theory and methods. Boston: Allyn and Bacon. https://scholar.google.com/scholar_lookup?title=Qualitative+research+for+education%3A+An+introduction+to+theory+and+methods&author=R.+Bogdan&author=S.+Biklen&publication_year=1982*
17. *Bricki, N., & Green, J. (2007). A guide to using qualitative research methodology. https://www.scienceportal.msf.org/assets/6984*
18. *Chen, B., Tabassum, H., & Saeed, M. A. (2019). International Muslim students: Challenges and practical suggestions to accommodate their needs on campus. Journal of International Students, 9(4), 933-953. https://books.google.com/books?hl=en&lr=&id=mn3CDwAAQBAJ&oi=fnd&pg=PA933&dq=2.%09International+Muslim+Students:+Challenges+and+Practical+Suggestions+to+Accommodate+Their+Needs+on+Campus&ots=21uKcafO_4&sig=y4mJoMAhtMmickRkL0wqaFUT5ZI*
19. *Ching, M. R. D., Fabito, B. S., & Celis, N. J. (2018). Data privacy act of 2012: A case study approach to Philippine Government Agencies Compliance. Advanced Science Letters, 24(10), 7042-7046. https://doi.org/10.1166/asl.2018.12404*
20. *Cohen, D., & Crabtree, B. (2006, July). Qualitative research guidelines project. http://www.qualres.org/HomeSemi-3629.html*
21. *Creswell, J. (2013). Qualitative inquiry & research design: Choosing among five approaches. https://repositorio.ciem.ucr.ac.cr/bitstream/123456789/501/1/Qualitative%20inquiry%20%26%20research%20design.%20design%20_%20Choosing%20among%20five%20approaches.%20%281%29.pdf*
22. *Creswell, J. W. (2014). Research Design International Student Edition Qualitative, Quantitative, and Mixed Methods Approaches.*
23. *Creswell, J. W., & Poth, C. N. (2016). Qualitative inquiry and research design: Choosing among five approaches. Sage publications. https://books.google.com/books?hl=en&lr=&id=DLbBDQAAQBAJ&oi=fnd&pg=PP1&dq=creswell+2016+qualitative+research+design&ots=-ir927KPRu&sig=Y1_cyetmqDAN04Vht602TZWrSp4*
24. *DiCicco-Bloom, B., & Crabtree, B. F. (2006). The qualitative research interview. Medical education, 40(4), 314-321. https://doi.org/10.1111/j.1365-2929.2006.02418.x*
25. *Gallagher, M. (2009). Data collection and analysis. Researching with children and young people: Research design, methods and analysis, 65-127. https://www.torrossa.com/en/resources/an/4913093#page=78*
26. *Goodman, K. M., Giess, M. E., & Patel, E. (Eds.). (2023). Educating about religious diversity and interfaith engagement: A handbook for student affairs. Taylor & Francis.*
27. *Groenewald, T. (2004). A phenomenological research design illustrated. International journal of qualitative methods, 3(1), 42-55. https://journals.sagepub.com/doi/abs/10.1177/160940690400300104*
28. *Guest, M., Scott-Baumann, A., Cheruvallil-Contractor, S., Naguib, S., Phoenix, A., Lee, Y., & Al Baghal, T. (2020). Islam and Muslims on UK University Campuses: perceptions and challenges. https://eprints.soas.ac.uk/33345/1/file148310.pdf*
29. *Haitova, N. M. (2023). Experiences of Female Muslim International Graduate Student with Children in the US: Strategies to Cope with Academics and Family Life. Western Michigan University.*
30. *Hussien, S., Hashim, R., & Mokhtar, N. A. (2017). Hikmah Pedagogy: Promoting Open Mindedness, Tolerance and Respect for Others' Religious Views in Classrooms. In Interfaith education for all (pp. 95-106). Brill.*
31. *Islam, M., & Mercer-Mapstone, L. (2021). 'University is a non-Muslim experience, you know? The experience is as good as it can be': Satisfied settling in Muslim students' experiences and implications for Muslim student voice. British Educational Research Journal, 47(5), 1388-1415.https://berajournals.onlinelibrary.wiley.com/doi/abs/10.1002/berj.3733*
32. *Latipah, E., Cahyo Adi Kistoro, H., & Khairunnisa, I. (2020). Scientific attitudes in Islamic education learning: Relationship and the role of self-efficacy and social support. Edukasia: Jurnal Penelitian Pendidikan Islam, 15(1), 37-56.*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

33. *Li, N., & Murphy, W. H. (2018). Religious affiliation, religiosity, and academic performance of university students: Campus life implications for US universities. Religion & Education, 45(1), 1-22.*
34. *McCabe, D. P. (2008). The role of covert retrieval in working memory span tasks: Evidence from delayed recall tests. Journal of Memory and Language, 58(2), 480-494. https://doi.org/10.1016/j.jml.2007.04.004*
35. *Morgan, G. A., & Harmon, R. J. (2001). Data collection techniques. Journal-American Academy Of Child And Adolescent Psychiatry, 40(8), 973-976 . https://www.researchgate.net/profile/George-Morgan-4/publication/11842651_Data_Collection_Techniques/links/5b8813234585151fd13c8cdd/Data-Collection-Techniques.pdf*
36. *Mutaqin, F. N., Nursanti, A., & Karimulloh, K. (2021, July). Relationship between academic self-efficacy and academic resilience of students at PMDG in psychological and islamic perspectives. In Proceeding International Conference on Islam and Education (ICONIE) (Vol. 1, No. 1, pp. 87-97).*
37. *Navarro-Granados, M., & Cobano-Delgado Palma, V. C. (2024). Young muslim perceptions of their socio-educational inclusion, religiosity, and discrimination in Spain: identifying risks for understanding. Social Sciences, 13(3), 156. https://www.mdpi.com/2076-0760/13/3/156*
38. *Pezalla, A. E., Pettigrew, J., & Miller-Day, M. (2012). Researching the researcher-as-instrument: An exercise in interviewer self-reflexivity. Qualitative research, 12(2), 165-185. https://doi.org/10.1177/1468794111422107*
39. *Phillips-Pula, L., Strunk, J., & Pickler, R. H. (2011). Understanding phenomenological approaches to data analysis. Journal of Pediatric Health Care. https://psycnet.apa.org/record/2010-25739-012*
40. *Rafie, Z., & Gossai, H. (2024). Female Muslim Student Experiences in Higher Education: A Narrative Inquiry. Palgrave Macmillan. https://link.springer.com/book/10.1007/978-3-031-41424-4*
41. *Resnik, D. B. (2011). Scientific research and the public trust. Science and engineering ethics, 17, 399-409. https://doi.org/10.1007/s11948-010-9210-x*
42. *Saeed, T. (2019). Islamophobia and the Muslim student: Disciplining the intellect. In The Routledge international handbook of Islamophobia (pp. 175-187). Routledge. https://www.taylorfrancis.com/chapters/edit/10.4324/9781351135559-15/islamophobia-muslim-student-tania-saeed*
43. *Schwandt, T. A. (2007). On the importance of revisiting the study of ethics in evaluation. In Dilemmas of engagement: Evaluation and the new public management (pp. 117-127). Emerald Group Publishing Limited. https://www.emerald.com/insight/content/doi/10.1016/s1474-7863(07)10008-9/full/html*
44. *Scott-Baumann, A., & Bunglawala, S. (2020). Creating Interstitial Spaces: Muslim Network Organizations in the United Kingdom. Religions, 11(7), 325. https://doi.org/10.3390/rel11070325*
45. *Senarath, S. K. I. U., & Liyanage, T. P. (2020). Religious involvement in young İslamic women participation in physical education, sports, and physical activities. Psychology, 10(8), 319-323. doi:10.17265/2159-5542/2020.08.005*
46. *Shaheen, M. (2024). Islamophobia in higher education environments. New Directions for Higher Education, 2024(206), 41-52. https://onlinelibrary.wiley.com/doi/abs/10.1002/he.20495*
47. *Supriyadi, T. (2024). Academic Motivation as a Mediator of Social Support and Achievement Orientation: Case of Muslim High School in Indonesia. Psikis: Jurnal Psikologi Islami, 10(1).*
48. *Taff, S. D., & Clifton, M. (2022). Inclusion and Belonging in Higher Education: A Scoping Study of Contexts, Barriers, and Facilitators. Higher Education Studies, 12(3), 122-133.*
49. *Tineo, P., Lowe, S. R., Reyes-Portillo, J. A., & Fuentes, M. A. (2021). Impact of perceived discrimination on depression and anxiety among Muslim college students: The role of acculturative stress, religious support, and Muslim identity. American Journal of Orthopsychiatry, 91(4), 454. https://psycnet.apa.org/record/2021-32465-001*
50. *van Bergen, D. D., Feddes, A. R., & de Ruyter, D. J. (2021). Perceived discrimination against Dutch Muslim youths in the school context and its relation with externalising behaviour. Oxford Review of Education, 47(4), 475-494. https://doi.org/10.1080/03054985.2020.1862779*
51. *Walker, W. (2007). Ethical considerations in phenomenological research. Nurse researcher, 14(3). https://doi.org/10.1177/019394598801000204*
52. *Willson, S., & Miller, K. (2014). Data collection. Cognitive interviewing methodology, 15-33. https://doi.org/10.1002/9781118838860.ch3*
53. *Winkle-Wagner, R., & Locks, A. M. (2019). Diversity and inclusion on campus: Supporting students of color in higher education. Routledge.*
54. *Zempi, I. (2019). Veiled Muslim women's views on law banning the wearing of the niqab (face veil) in public. Ethnic and Racial Studies, 42(15), 2585-2602. https://www.tandfonline.com/doi/abs/10.1080/01419870.2019.1588985*